



DRAMANG HISTORIKAL BILANG PUWERSANG KULTURAL: PAGSUSURI SA KASO NG MARIA CLARA AT IBARRA GAMIT ANG PAGBASANG PALOOB

EDNA C. FRIALDE

Teacher I

Rizal High School Pasig City

edna.frialde@deped.gov.ph

ABSTRAK

Ang palabas na Maria Clara at Ibarra (MCAI) ay isang Historikal Drama na namayagpag sa telebisyon mula Oktubre 3, 2022 hanggang Pebrero 23, 2024. Ang pananaliksik na ito ay naglayong matukoy ang mga katangian ng MCAI na nagpapatingkad bilang isang dramang historikal, sinikap din na iisa-isahin ang pangunahing puwersang kultural na tinanghal sa palabas at kung paano sinuri ang MCAI gamit ang Pagbasang Paloob ni Louie Jan Sanchez. Ginamit ang pagbasang paloob ni Sanchez upang maging tuntungan ng pag-aaral. Lumabas sa pagsusuri na ang MCAI ay naiuri bilang isang dramang historical dahil napatingkad ito ng ilang mga katangian. Kabilang dito ang sumusunod: Ang banghay ng teleserye ay salig sa kaganapang naitala sa kasaysayan. Pangalawa, taglay ng MCAI ang mga katangian tulad ng Historical Accuracy, Characteriation, Tagpuan at Kostyum, Banghay, Mensahe, Pagganap, Diyologo at skrip, Sinematograpiya, Konseptong Kultural at Sosyal, Critical Recepcion at Legasiya. Ang mga pangunahing puwersang kultural na itinanghal ng palabas na MCAI ay ang—puwersang pang-ekonomiko, political, panlipunan, historikal, etikal, at panrelihiyon. Sa pagsusuri ng MCAI gamit ang pagbasang paloob ni Louie Jan Sanchez, nabatid na ang palabas ay tumalakay sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng Kastila at panahon ng kasalukuyan kung saan ang bawat tauhan ay may simbolismo. Natuklasan din na ang karakter ni Klay ay simbolismo ng modernong babaeng Pilipina. Inirerekomda na lumikha pa ng mas maraming pananaliksik ukol sa mga palabas na nagbibigay ng repraksyon sa kasalukuyang Lipunan.

Susing Salita: *Dramang Historikal, Maria Clara at Ibarra, Pagbasang Paloob*

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



INTRODUKSYON

Naging bahagi na ng araw-araw na pamumuhay ng bawat isang ordinaryong tao ang panonood ng telebisyon. Mapamatanda, bata mayasawa o wala ay naglalaan ng oras upang mapanood ang isang palabas na kaniyang nanaisin. Hindi maikakaila na malaki pa rin ang porsyento ng mga kabahayan ang may telebisyon at nanonood dito. Nakapukaw-pansin sa mananaliksik ang pagkahumaling ng maraming Pilipino sa mga teleseryeng pinalalabas sa telebisyon.

Ayon kay Arcangel (2017), Ang telebisyon ay nananatili pa ring libangan ng maraming pamilya sa Pilipinas. Sa mga datos naitala gamit ang sarbey na isinagawa sa pamumuno ng Media Intelligence Firm Kantar Media, 96.6 na bahagdan ng Pilipino ang araw-araw na nanonood ng telebisyon. Ang datos ay nadagdagan mula noong 2014 na pumalo lamang sa 91.2 posyento. (Archangel, 2017). Ayon naman kina Bacani, Cristobal, Dayrit, Maneje at Quiambao (2014), "Telenobela ay isang modernong katawagan sa teleserye" (p.1). Naparaming teleserye ang patuloy na ipinakilala ng telebisyon sa mga mamamayan. Umaga, tanghali, hapon o gabi, hindi mawawala ang teleserye sa skrin ng telebisyon mula pagkabata hanggang sa pagtanda, patuloy na nahuhumaling ang maraming Pilipino sa teleserye. Dagdag pa nina (Bacani et al.,2014), "Ang Philippine Drama o mas kilala bilang teleserye ay maaring uriin sa iba't ibang anyo at genre. Ang teleserye/teledrama ay isang uri na napapanood sa telebisyon sa karaniwang hindi makatotohanan o walang pawing pruweba na masasabing ito ay totoo" (p.14). Sang-ayon din sa Diskursong sinulat ni Victoria (2017) ang Telenobela ay nagkaroon ng ebolusyon. Mula sa mga Soap Opera na nakilala rin bilang Mini-Series, sumulpot ang mga Asian-Nobela na mula sa mga karatig-bansa ng Pilipinas sa Asya. Nakilala rin ang Chinovela na buhat sa mga bansang China at Taiwan at ang pinakakilalang Koreanovela. Dulot ng napakaraming ebolusyon, nakilala rin ang dramang historikal. Ito ay ang mga palabas o maari ring pelikula na tumatalakay sa ilang kaalaman tungkol sa kasaysayan o ilan pang karunungan naitala ng nakaraan. Sa pananaliksik na ito, bibigyang tuon ng mananaliksik ang Piksyunal na Historikal drama na pinalabas sa telebisyon. Batay nga sa pag-

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



aaraal ni Edgerton (2000) tungkol sa mga Televised Historical Drama at Impluwensya nito mga manonood tungkol sa nakaraan; Binanggit niya na sa panahon ngayon ay mas naging malawak na negosyo ang kasaysayan sa telebisyon sa parehong komersyal at pampublikong network gayundin sa mga korporasyon at independent na prodyuser. Sang-ayon naman kay Meimeic (2017) malawakang tinalakay ni Eagleton ang iba't ibang puwersang kultural at ideolohikal na humuhubog sa literatura at lipunan. Bagaman saklaw ng mga akda ni Eagleton ang malawak na spektrum ng kultural na pagsusuri, narito ang ilang pangunahing konsepto at puwersa na sentral sa kanyang pagsusuri, na hango mula sa kanyang malawak na hanay ng mga akda, partikular mula sa mga librong "Literary Theory: An Introduction", The Funtion of Criticism: From the Spectator to PostStructuralism." at "The Ideology of the Aesthetic." Ang puwersang ekonomiko, politikal, panlipunan, pangkasaysayan, sikolohikal, aestetiko, etikal at tungkol sa relihiyon ay ang puwersang kultural salig kay Eagleton. Ang palabas na Maria Clara at Ibarra (MCAI mula ngayon) ay isang Historikal Drama na namayagpag sa telebisyon mula ika-3 ng Oktubre taong 2022 hanggang ika-23 ng Pebrero, 2024. Ito ay idinerehe ni Ginoong Zig Dulay, at naisulat sa pangunguna ni Suzette Doctolero. Binubuo ito ng 105 episodes na umikot sa kwentong pantasya. Pinagbidahan ito ng karakter na si Klay, isang batang gen z na napunta sa tagpuan ng mga sikat na Nobela ni Dr. Jose Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Dito ay nakilala ng karakter na si Klay Infantes (ginanapan ni Brabie Forteza) ang pangunahing karakter sa palabas na kinalinagang makipamuhay sa mga taong nabasa niya lamang sa aklat. Ang kuwento ay nagsimula nang kailanganing pag-aralan ni Klay ang mga nobela ni Rizal na Noli Me Tangere at El Filbusterismo upang makapagkomplay siya sa kahingian sa kaniyang asignatura na Buhay at mga sinulat ni Rizal. Si Klay Infantes ay isang estudyante sa kasalukuyang panahon na nagaaral ng kursong Nursing. Siya ay isang tipikal na kabataan na tila walang interes sa kasaysayan ng Pilipinas. Ngunit sa isang hindi inaasahang pangyayari, natagpuan ni Klay ang kanyang sarili na nai-transport sa mundo ng "Noli Me Tangere." Dito, nakilala niya ang mga pangunahing tauhan ng nobela: sina Crisostomo Ibarra, Maria Clara, Padre Damaso, Sisa, Basilio, at iba pa. Habang naroon siya, natutuhan ni Klay na maunawaan ang kahalagahan ng mga pangyayari sa kasaysayan at kung

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



paano ito nakaapekto sa kasalukuyang panahon. Habang nananatili sa mundo ng nobela, natutunan ni Klay ang mga aral ng pagmamahal sa bayan, pagkakapantay-pantay, at hustisya. Nakita niya rin ang mga sakripisyo ng mga karakter upang ipaglaban ang kanilang mga karapatan laban sa mapang-aping sistema ng kolonyal na pamahalaan. Sa kanyang paglalakbay, si Klay ay naging saksi sa mga mahahalagang pangyayari tulad ng mga laban ni Ibarra para sa katarungan, ang trahedyang pag-iibigan nila ni Maria Clara, at ang kabayanihan ng mga karakter sa harap ng pang-aabuso ng mga kolonyal na may kapangyarihan. Ang kanyang mga karanasan sa loob ng nobela ay nagturo kay Klay ng mga mahahalagang aral na kanyang dinala pabalik sa kanyang mundo, na may mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga sa kasaysayan ng Pilipinas at sa mga bayani na nagbuwis ng buhay para sa kalayaan. Buhat dito, nilayon ng pananaliksik na ito na matukoy kung ano ang mga katangian ng Maria Clara at Ibarra na nagpapalakas bilang dramang Historikal. Gayundin nilayon ng pananaliksik na ito na malaman kung ano-ano ang mga pangunahing Puwersang Kultural ang itinanghal ng MCAI sa tulong ng interpretasyon ni Meimeic (2017) at kung paano paano sinuri ang dramang historical na MCAI gamit ang Pagbasang Paloob ni Louie Jan Sanchez.

Paglalahad ng Suliranin Ang pananaliksik na DRAMANG HISTORIKAL BILANG PUWERSANG KULTURAL: PAGESUSURI SA KASO NG MARIA CLARA AT IBARRA ay tutugon sa sumusunod na mga suliranin:

1. Ano ang mga katangian ng MCAI na nagpapatingkad bilang Dramang Historikal?
2. Ano-ano ang mga pangunahing puwersang kultural ang itinanghal ng MCAI?
3. Paano sinuri ang dramang historical na MCAI gamit ang Pagbasang Paloob ni Louie Jan Sanchez?

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MATERYAL AT METODO:

Ayon kay Sanchez (2020), ang Pagbasang Palabas ay iyong nakasanayang pagbabalangkas lamang sa kalakarang political bilang teleserye, higit na paghahambing sa pagitan ng dramang telebiswal at ng dramang panlipunan. Sa pamamagitan ng Pagbasang Paloob, nagkakaroon ng pagtutugma-tugma ang pagkakataon ng teleserye at tunay na buhay, nalilikhaan ang mga manonood ng makabuluhang koneksyon ang mga bagaybagay. At ito ay para hindi na lamang ituring ang teleserye bilang pampalipasoras kundi isang makabuluhang praktika, isang praktika ng pagpapakahulugan at paglikha ng kahulugan na naglalaman ng mga nasabing lunggati o pantasya, lalo para sa kagalingang-panlipunan sa kasalukuyang panahon. Ginamit din ng mananaliksik ang mga tala ni Meimeic (2017) batay kay Eagleton. Sang-ayon naman kay Meimeic (2017) malawakang tinalakay ni Eagleton ang iba't ibang puwersang kultural at ideolohikal na humuhubog sa literatura at lipunan. Bagaman saklaw ng mga akda ni Eagleton ang malawak na spektrum ng kultural na pagsusuri, narito ang ilang pangunahing konsepto at puwersa na sentral sa kanyang pagsusuri, na hango mula sa kanyang malawak na hanay ng mga akda, partikular mula sa mga librong "Literary Theory: An Introduction", The Funtion of Criticism: From the Spectator to Post- Structuralism." at "The Ideology of the Aesthetic." Ang puwersang ekonomiko, politikal, panlipunan, pangkasaysayan, sikolohikal, aestetiko, etikal at tungkol sa relihiyon ay ang puwersang kultural salig kay Eagleton.

Ang pananaliksik na ito ay kwaliteytib na pananaliksik. Pagbasang Paloob ang napiling espisipikong pamamaraan. Ayon kay Louie Jon Sanchez (2020) ang Pagbasang Paloob ay pagpasok mismo sa loob ng tekstong Teleserye, na sa simula'y mistulang tinititigan lamang ito sa paraang pormalistiko/ New Critical, sinusuri ang mga element at kabuuang lawas nito. Ngunit humihigit ito sa pormalistiko/New Criticism sapagkat nakaangkla ito sa paniniwalang hindi lamang ito repleksiyon, kundi higit repraksiyon din ng kalakaran sa labas nito, sa mga kasalukuyang kalakarang panlipunan at politial. Itinuturing dito, kung gayon, ang teleserye bilang lente sa pagsipat at paglilinaw hinggil sa kasalukuyang lagay ng bayan. Panitikan itong

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



tumatanaw sa daigdig at nagpapatanaw din sa daigdig kung saan ito umiiral. Ito ay pagbasa tungo sa pagsusuri ng teleserye bilang repraksiyon ng kalakarangbayan. Sa kwalitatibong paraan, naangkop gamitin ang Pagbasang Paloob sapagkat binabasa rito ang teleserye bilang literature, bilang isang anyong mapagpakahulugan, gamit ang magkatuwang na moda ng pagsasalaysay at pagtatanghal. Binabasa rin ito sa maaring pagsusulong ng tinatawag ni Kenneth Burke (1941) na "simbolikong aksiyon," isang mabisang kasangkapan tungo sa pagmamatyag, at kung saka-sakaling, pagtindig at pagkilos para aksiyunan at baguhin ang lagay-panlipunan. Gayundin, ginamit ng mananaliksik ang interpretasyon ni Meimeic (2017) sa mga tala ni Eagleton patungkol sa iba't ibang Puwersang Kultural na ginamit upang mabigyang interpretasyon ang mga pangyayari sa isang lipunan. Ang kabuuang pagsusuri ay nagsimula sa panood ng mananaliksik sa 105- episode ng palabas na MCAI. Inisa-isa ng mananaliksik ang bawat episode na naging daan upang maitala ang lahat ng kasagutan sa mga suliraning nailatag sa unang kabanata ng pananaliksik. Matapos mapanood ay sinuri ng mananaliksik ang mga datos upang maisa-isa ang mga katangian ng palabas na MCAI na nagpatingkad bilang isang Dramang historical sa tulong ng pag-aaral ni Tod 2015 sa mga katangian ng isang dramang historikal. Inisa-isa rin ng mananaliksik ang mga puwersang kultural na nilahad at binigyang pansin sa kabuang palabas na MCAI. Masusing inilapat ng mananaliksik ang mga nakalap na datos sa konseptong pagbasang paloob na mula kay Louie Jan Sanchez upang makuha ang kabuuang kultural na mensahe ng palabas na MCAI na hindi nakukuha sa simpleng pagsipat at panood sa akda.

Ang mga nakalap na datos ay sinuri ng mananaliksik ang mga batay sa napiling saligang teorya upang masagot ang mga inihaing tanong at makapagbigay ng interpretasyon at pag-unawa sa penomena. Upang masuri nang lubos ang mga palabas, gagamitin ng mananaliksik ang pagdulog na ginawa ni Louie Jon Sanchez (2020) ito ay ang pagbasang paloob upang matukoy kung ang mga napiling palabas ay mabibilang sa Historikal Drama at upang matutukoy at mauunawaan kung ito ay titignan sa mas malawak na pananaw at sa kung saan ito nagmumula o nakaugat. Dagdag pa ni Sanchez (2020), sa pamamagitan ng Pagbasang Paloob, nagkakaroon ng pagtutugma-tugma ang pagkakataon ng teleserye at

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



tunay na buhay, nalilikhaan ang mga manonood ng makabuluhang koneksyon ang mga bagay-bagay. At ito ay para hindi na lamang ituring ang teleserye bilang pampalipas-oras kundi isang makabuluhang praktika, isang praktika ng pagpapakahulugan at paglikha ng kahulugan na naglalaman ng mga nasabing lunggati o pantasya, lalo para sa kagalingang-panlipunan sa kasalukuyang panahon.

Pinagmulan ng Datos

Ang mananaliksik ay nagtungo sa iba't ibang silid-aklatan tulad ng Pasig Library, Pambansang Aklatan ng Pilipinas at Aklatan ng Pamantasan ng Lungsod ng Pasig. Humango rin ang mananaliksik ng mga impormasyon sa mga relayabol na website upang pagkuhanan ng journals, ilang mga pagaaral, at babasahin tud ng mga sumusunod: Dalumat Journal, Academia Education, Asia Pasific Journal of Eductaion, Arab World English Journal, Research Gate at Scientia—ang onlayn journal ng San Beda. Ang mananaliksik ay kumalap ng mga batayang aklat Panitikang Pilipino, Teleserye at Kontemporanidad na siyang naging malaking tulong sa pagkaunawa ng Pwersang Kultural at mas malalim na pag-unawa sa mga teoryang ginamit na nakasalig sa lokal na pag-aaral. Upang lalong mapagtibay ang pananaliksik, ang mananaliksik ay minabuting kumalap ng mga ilang pag-aaral na tumatakay sa midya bilang hanguan ng Kultura at Pwersang Kultural, Simulain o pag-unlad ng Dramang Historikal at Midya, Drama, Kasaysayan at Karunungan na nakatuon sa katulad na pag-aaral—ang palabas at pambansang kalinangan.

RESULTA AT PAGTALAKAY

Mula sa mga datos na nakalap sa isinagawang Pagbasang Paloob, narito ang paglalahad at pagsusuri ng mga impormasyong tutugon sa inilatag na mga suliranin ng pag-aaral na ito.

1. MGA KATANGIAN NG MARIA CLARA AT IBARRA BILANG DRAMANG HISTORIKAL

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Ang palabas na Maria Clara at Ibarra ay isang Historical na palabas na namayagpag sa Telebisyon mula ika-3 ng Oktubre taong 2022 at nagwakas noong ika-24 ng Pebrero. Ito ay idinerehe ni Ginoong Zig Dulay, at naisulat sa pangunguna ni Ginang Suzette Doctolero. Binubuo ito ng 105 episodes na umikot sa kuwentong pantasya. Pinagbidahan ito ng karakter na si Klay (ginanapan ng sikat na aktres na si Barbie Forteza), isang batang gen z na napunta sa tagpuan ng mga sikat na Nobela ni Dr. Jose Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Dito ay nakilala ng karakter na si Klay ang mga karakter ng mga nobela at siya nakipamuhay sa mga taong nababasa niya lamang sa aklat.

Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay maiuuri bilang isang Dramang Historikal sapagkat taglay nito ang sumusunod na katangian:

KAANGKUPAN SA KASAYSAYAN (HISTORICAL ACCURACY) Napagtibay na ang teleserye ay hango sa ilang makasaysayang kaganapan noong panahon ng kastila, mababakas na ang mga kasuotan at mga tagpuan ay binagay at tinulad sa papaano ang set-up noong panahon ng kastila. Naipakita ang mga kaganapan na tumutugon sa akmang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas. Bagaman hindi maiiwasan na ang palabas ay mahaluan ng pantasya at mahika, ang pangunahing banghay ng kuwento ay umiikot at nakasalig sa dalawang pinakakilalang nobela ni Jose Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo na tumatalakay sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ang teleseryeng Maria Clara at Ibarra ay maiuuri bilang isang Dramang Historikal sapagkat taglay nito ang sumusunod na katangian:

KAANGKUPAN SA KASAYSAYAN (HISTORICAL ACCURACY) Napagtibay na ang teleserye ay hango sa ilang makasaysayang kaganapan noong panahon ng kastila, mababakas na ang mga kasuotan at mga tagpuan ay binagay at tinulad sa papaano ang set-up noong panahon ng kastila. Naipakita ang mga kaganapan na tumutugon sa akmang pangyayari sa kasaysayan ng Pilipinas. Bagaman hindi maiiwasan na ang palabas ay mahaluan ng pantasya at mahika, ang pangunahing banghay ng kuwento ay umiikot at nakasalig sa dalawang pinakakilalang nobela ni Jose Rizal na Noli Me Tangere at El

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Filibusterismo na tumatalakay sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Ayon kay Atienza et al. (2008), “Ang Noli Me Tangere ay nangangahulugang Huwag mo akong salingin. Mula ito sa ebanghelyo ni San Lucas. Tinutukoy nito ang mga usapin at pangyayari sa bayan na hindi halos napag-uusapan pagkat napakaselan. Sa paliwanag ni Rizal, ang pagsusulat ng nobela ay pagsisikap na maipaliwanag ang mga pula at sising ibinubunton sa mga Pilipino at ang mga pagmamalabis na ginawa ng mga kolonisador na Kastila. Sinaad Ikalawang episode ang petsa kung kailan ang simula ng tagpuan sa bagong mundong napasok ni Klay (kabataang gen z). Ito ay dahil sa kaniyang pinahayag tungkol sa di pagpapahalaga sa nobelang Noli Me Tangere. Malinaw na mababakas sa pahayagan na ang panibagong mundo ay nagsimula noong 1884—na kung babalikan sa kasaysayan, ito ay panahon pa rin ng paghahari ng mga kolonyalistang kastila. Tinulad ng produksyon ng palabas ang tagpuan kabilang na ang lugar, taon at panahon sa tiyak na panahon na pananakop ng mga kastila sa Pilipinas. Makikita ito sa mga estruktura ng mga establisyemento at mga disenyo ng lugar mula sa malalaki hanggang sa mga maliliit na detalye gaya ng disenyo ng bubong, upuan, mesa, ilaw at iba pa. Ayon sa onlayn na artikulong sinulat ng NCCA Official (2015), narito ang deskripsiyon ng disenyo ng kabahayan noong panahon ng Kastila: Ang báhay-na-bató ay malaking bahay ng mga mariwasang pamilya noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Tinawag itong báhaynabató dahil may dingding na pinagpatong-patong na mga bato at idinikit ng semento ang pang-ibabâng palapag nitó. Gayunman, kahoy ang mga haligi, sahig, at dingding ng pang-itaas na palapag at karaniwang tisà ang bubungan.

PAGGANAP NG TAUHAN (CHARACTERIZATION) Isa pa sa mga magpapatunay na ang palabas na MCAI ay isang dramang historikal ay ang pagganap ng mga tauhan sa mga tauhan nito. Ang mga pangunahing tauhan sa Dramang historical na MCAI ay sina G. Dennis Trillo (bilang Crisostomo Ibarra, Simoun at Barry Torres), Bb. Barbie Forteza (bilang Klay Infantes) at Bb. Julie Ann San Jose (bilang Maria Clarra y Alba). Gamit ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



pagbasang paloob, napatunayan na ang mga tauhan ay nagsipagganap batay sa tauhan na nakalagay sa nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ayon kay Panganiban et al. (2000) ang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ay nakapagpasigla nang malaki sa kilusang propaganda at nagbigay daan sa himagsikan laban sa Espanya. Sa mga nobelang ito ay walang takot na inilantad ni Rizal ang mga kasamaang naghahari sa pamamahala ng mga Kastila. Nakita rin sa Dramang Historikal na ito na ang mga kilos at pananalita ng mga tauhan ay naayon sa kung ano ang nasusulat sa aklat. Gumamit ang mga tauhan ng tatlong wika, ang Ingles, Filipino at wikang Kastila—isang pagpapakita kung anong wika ang ginamit nang sakupin ng Kastila ang bansang Pilipinas. Ang mga tauhang gumanap sa karakter ng pagiging Kastila ay kinakitaan ng pananamit, pagsasalita at mga paniniwala ng isang Kastila. Pulido at lahat ng kilos ay naayon sa karakter na ginaya o pinagbatayan. Batay kay Reyes (2002), Ang Noli Me Tangere na isinulat ni Dr. Jose Rizal ay nauukol sa sosyopolitikal at pangkasaysayang realidad ng lipunan. Gumamit ng wikang Kastila sa mga sumusunod na diyalogo: Mula sa episode 1, Nang unang magkita sina Klay at Maria Clara, tinanong ni Maria Clara, "¡Dime! ¿Quién eres? ¿Y qué estás haciendo aquí?" (Sabihin mo sa akin! Sino ka? At anong ginagawa mo rito?)

Batay naman sa episode 13 sa isang eksena kasama sina Crisostomo Ibarra (ginampanan ni Dennis Trillo) at Klay (ginampanan ni Barbie Forteza), gumagamit si Ibarra ng mga pariralang Kastila, na nagpapakita ng kanyang katayuan bilang isang Ilustrado. Halimbawa, tinawag niya ang isang kampanaryo bilang "torre," bagaman may mga pag-aayos sa script upang mapaayos ang pagbigkas ng ilang mga salitang Kastila. Batay naman sa episode 13 sa isang eksena kasama sina Crisostomo Ibarra (ginampanan ni Dennis Trillo) at Klay (ginampanan ni Barbie Forteza), gumagamit si Ibarra ng mga pariralang Kastila, na nagpapakita ng kanyang katayuan bilang isang Ilustrado. Halimbawa, tinawag niya ang isang kampanaryo bilang "torre," bagaman may mga pag-aayos sa script upang mapaayos ang pagbigkas ng ilang mga salitang Kastila. Si Padre

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Damaso at iba pang mga karakter ay gumagamit din ng mga terminong Kastila sa kanilang mga diyalogo, na sinanay upang matiyak ang katumpakan. Halimbawa, ang pagganap ni Tirso Cruz III bilang Padre Damaso ay may mga pariralang Kastila na nagpapakita ng kanyang awtoridad. Kung iisa-isahin ang mga tauhan sa Noli Me Tangere, Ayon kay Canlas (2013), Si Maria Clara ang anak nina Pia Alba at Padre Damaso na nakilala bilang isang mahinhin na babae, madasalin, mahusay umawit sapagkat siya ay lumaki sa kaniyang kinilalang ama na si Kapitan Tiyago.

Ganito rin ang pagganap na ginawa ni Julie Ann San Jose bilang Maria Clara, Si Julie Anne ay nagtaglay ng likas na kagandahan at hinahon na angkop sa imahe ni Maria Clara bilang isang simbolo ng tradisyonal na dalagang Filipina. Ang kanyang maamong mukha at payapang tindig ay nagbigay-diin sa kanyang pagiging idiyal na Maria Clara. Sa kanyang pagganap, pinakita ni Julie Anne ang malalim na pananampalataya at pagmamahal ni Maria Clara sa kaniyang relihiyon at kultura. Ipinamalas niya ang debosyon sa Diyos at ang paggalang sa mga tradisyunal na kaugalian ng mga Pilipino. Bagaman si Maria Clara ay madalas inilalarawan bilang mahina at umaasa sa iba, pinakita ni Julie Anne ang aspeto ng tapang sa kanyang karakter. Ipinakita niya ang lakas ng loob ni Maria Clara sa harap ng mga hamon, tulad ng pagtatanggol sa kanyang pagibig at integridad. Bilang isang mahusay na mang-aawit, nagbigay si Julie Anne ng karikitan sa karakter ni Maria Clara sa pamamagitan ng mga awit. Ang kanyang boses ay nagdagdag ng isang bagong dimensyon sa karakter, na nagpapatibay sa kanyang pagiging isang iconic na simbolo ng Filipina. Ang pagganap ni Julie Anne San Jose bilang Maria Clara ay isang magandang halimbawa ng kung paano mabibigyan ng bagong buhay ang isang klasikong karakter sa pamamagitan ng husay at dedikasyon sa pag-arte at pag-awit. Ang kanyang interpretasyon ay hindi lamang nagpapakita ng pagkakakilanlan ni Maria Clara, kundi pati na rin ng mayamang kultura at kasaysayan ng Pilipinas. Batay pa rin kay Canlas (2013), Si Crisostomo Ibarra ay ang pangunahing tauhan sa nobelang "Noli Me Tangere" ni Dr. Jose Rizal. Siya ay isang mestisong Pilipino na bumalik sa Pilipinas matapos mag-aral sa Europa. Sa kanyang pagbabalik, nais niyang magtayo ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



paaralan upang makatulong sa pagpapabuti ng edukasyon at kalagayan ng kanyang mga kababayan. Naging mahusay ang pagganap ni Dennis Trillo sa karakter ni Crisostomo; Sa kanyang pagganap, nabigyan niya ng bagong buhay at dimensyon ang iconic na karakter na nilikha ni Dr. Jose Rizal. Ipinakita ni Dennis Trillo ang pagiging makabayan ni Ibarra sa kanyang determinasyon na itaguyod ang edukasyon sa Pilipinas. Ang kanyang pagganap ay nagbigay-diin sa ideyalismo ni Ibarra at ang kanyang pananaw para sa isang mas maliwanag na kinabukasan para sa kanyang bayan.

Ang edukasyon ni Ibarra sa Europa ay nagbigay sa kanya ng mas malawak na pananaw. Sa pagganap ni Dennis Trillo, ipinakita niya ang katalinuhan at pagkaalam ni Ibarra sa mga makabagong ideya at teknolohiya, na nais niyang ibahagi sa kanyang bayan. Ipinakita ni Dennis Trillo ang tapang ni Ibarra sa pagharap sa mga pagsubok at pakikibaka laban sa katiwalian at pang-aabuso ng mga nasa kapangyarihan. Ang kanyang pagganap ay nagpakita ng malakas na paninindigan para sa katarungan at karapatan. Sa kabila ng mga hamon, ipinakita ni Dennis Trillo ang emosyonal na lalim ni Ibarra, lalo na sa mga eksena ng trahedyang at sakripisyo. Ang kanyang mahinahong pagganap ay nagbigay ng balanse sa karakter, na nagpapakita ng kanyang kahinaan at kahalagahan ng kanyang misyon. Ang pagganap ni Dennis Trillo bilang Crisostomo Ibarra ay tinanggap ng mabuti ng mga kritiko at manonood. Ang kanyang husay sa pag-arte ay nagbigay ng bagong mukha sa klasikong karakter, na nagpapakita ng lalim, emosyon, at pagkatao ni Ibarra. Sa pamamagitan ng kanyang interpretasyon, muling nabuhay ang kwento ni Ibarra at ang mga aral na hatid nito para sa bagong henerasyon ng mga Pilipino. Ang husay sa pag-arte ni Dennis Trillo ay nagbigay ng bagong mukha sa klasikong karakter, na nagpapakita ng lalim, emosyon, at pagkatao ni Ibarra. Sa pamamagitan ng kanyang interpretasyon, muling nabuhay ang kwento ni Ibarra at ang mga aral na hatid nito para sa bagong henerasyon ng mga Pilipino.

Si Barbie Forteza ay gumanap bilang Klay Infantes sa "Maria Clara at Ibarra," isang modernong adaptasyon at interpretasyon ng mga klasikong nobela ni Dr. Jose Rizal, "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo." Ang serye ay naglalagay ng isang makabagong

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



twist sa pamamagitan ng pagdadala ng isang modernong karakter sa panahon ng mga nobela. Si Klay Infantes ay isang modernong kolehiyala na biglang napunta sa panahon ng mga nobela ni Jose Rizal. Sa kanyang pagganap, ipinakita ni Barbie ang isang karakter na puno ng enerhiya, kuryosidad, at pagiging palaban, na taliwas sa mga tradisyunal na karakter sa nobela. Sa kabila ng kanyang pagiging moderno, si Klay ay may malasakit sa kapakanan ng mga tao sa nakaraan. Ipinakita ni Barbie ang kanyang kagustuhang makatulong at magdala ng pagbabago, na nagpapakita ng kanyang pusong makatao at malasakit sa kapwa. Ang kanyang kakayahang magdala ng mga makabagong ideya at solusyon sa mga problema sa panahon ng nobela ay nagpakita ng kanyang pagiging malikhain at mapamaraan. Ang pagganap ni Barbie ay nagbigay-diin sa kahalagahan ng pag-aangkop at pagiging innovative. Sa episode 35 nagkaroon ng matinding diskusiyon ang mga kalalakihan tungkol sa papel ng isang babae sa lipunan ani ni Kapitan Basilio... **“Hanggang bahay lamang ang kababaihan!” “Mawalang galang na po, pero hindi po totoo `yan.” Sagot naman ni Klay. “Bumalik ka na sa pamamamaypay. Sige na... sige na” Kapitan Basilio “Mmm Senyor...Isang marangal na tungkulin po ang pagiging maybahay. Pero kayang-kaya rin po naming mga babae ang ginagawa ninyong mga lalaki sa labas ng bahay. “ “Makinig po kayong lahat...Hindi lang babaeng pinuno ang magkakaroon tayo. Magkakaroon din tayo ng babaeng kayang magbuhat ng isang daaan at dalawamput pitong kilong bakal. Si Heidilyn Diaz. Magkakaroon din tayo ng babaeng mag-aangat sa buhay ng mahihirap....”** Ani ni Klay. Sa Episode 35 MCAI, hindi napigilan ni Klay (Barbie Forteza) ang kanyang sarili na ipagtanggol ang karapatan ng kababaihan laban sa mga mapanghusgang pananaw ng kalalakihan sa San Diego. Sa episode na ito, ipinahayag ni Klay ang kanyang pagkadismaya at galit sa mga kalalakiang may makitid na pag-iisip patungkol sa kakayahan at karapatan ng mga kababaihan. Isa sa mga matapang na pahayag ni Klay ay naglalayong hamunin ang tradisyonal na pananaw ng mga kalalakihan, na tila nagmaliit sa kakayahan ng kababaihan. Sa kanyang galit at determinasyon, sinabi niya ang mga sumusunod: **“Ang**

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



mga babae ay hindi dapat minamaliit. May kakayahan kami na gumawa ng kahit anong nais naming gawin!" Ang kanyang paninindigan ay nagpakita ng kanyang matinding hangarin na baguhin ang makalumang pananaw at igiit ang pagkakapantay-pantay ng kasarian. May nagsipagganap ding mga prayleng Kastila gaya nina G. Juancho Trivino (bilang Padre Salvi) at G. Tirso Cuz III (bilang Padre Salvi). May nagsipagganap ding mga prayleng Kastila gaya nina G. Juancho Trivino (bilang Padre Salvi) at G. Tirso Cuz III (bilang Padre Salvi). Kabilang din sa mga tauhan sina G. David Lincauco (bilang David), G. Rocco Nasino (bilang Elias), Bb. Andrea Torres (bilang Sisa), G. Juan Rodrigo (bilang Kapitan Tiago), Gng. Ces Quesada (bilang Tia Isabel), G. Khalil Ramos (bilang si Basilio) at maraming pang iba. Lahat ng tauhan ay nakakitaan ng angkop na pagganap at wastong kilos, galaw at wika sa kanilang papel na ginampanan sa Dramang Historikal. Ang lahat ng karakter ay gumanap nang naayon sa kanilang papel at panahon kung kailan nakilala ang tauhan sa bawat kabanata ng aklat.

TAGPUAN AT KASUOTAN (SETTING AND COSTUMES)

Malinaw na taglay ng tauhan ng palabas na Maria Clara at Ibarra ang mga kausotan na dapat isuot ng mga tauhan sa palabas. Gaya ng nabanggit sa ibang katangian, ang palabas ay umikot sa banghay na tumalakay sa Noli Me Tangere at El Filibusterismo na siya namang tumalakay sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng Kastila. Kung kaya't ang mga kasuotan sa panahong ito ay baro't saya, Barong Tagalog, mga patadyong, gumamit din ng mga kausotang may impluwensyang Kastila gaya ng panuelo, traje de mestiza, mga tsinelas, paggamit ng payong at maging ang mga alahas gaya ng perlas, pag-aayos ng buhok at pagbabawal sa kababaihan na iladlad ang buhok sa harap ng kalalakihan. Lahat ng mga nabanggit ay naging bahagi at tinampok sa iba't ibang episode ng palabas. Matibay na batayan ang mga katangian upang maiuri ang Maria Clara at Ibarra bilang isang Dramang Historikal. Lubos na pinatingkad ng mga kasuotan ng bawat tauhan ang dramang historical na Maria Clara at Ibarra dahil ito ang naging daan upang magakaroon ng identidad o pagkakakilanlan ang mga tauhan sa palabas. Ayon sa isang balitang nailathala sa online na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



pahina ng PhilStarGlobal (2023), masusing pinili ng GMA Network ang mga stylist na siyang nag-ayos/ naggayak sa mga tauhan ng naturang palabas. Kabilang dito sina Jan Raroque, Roko Arceo at Margie Sorio. Katuwang din sina Mikaela Borinaga (isang scenographer) at isang fashion historian na si Gino Gonzalez. Sang-ayon sa mga designer na ito, ang kanilang mga supplier ng kasuotan ay talagang nag-angkat pa ng mga piña fabrics upang makatulong sa lalong pagpapaganda ng mga kasuotan. Si Sorio naman ang namahala sa teknikal na pagbibihis at pagdedesenyo ng mga kasuotan ng nagsipagganap sa katauhan ni Padre Damaso at iba pang mga prayle. Sinabi rin ni Arceo (2023): Maria Clara at Ibarra" has to stay true to its setting, which started in 1884 to the late 1890s. In fashion parlance, these included the Victorian era until the Industrial Revolution. No stones were left unturned, it appeared, for the show's costume department. Sinabi rin ni Arceo na pinagbatayan nila ang pinta nina Juan Luna at Leonard Tayao-Cruz sa ilang tagpo ng Noli Me Tangere. Pinagbatayan din ng mga designer ang mga larawan ng isang fashion photographer na si Francis Gum sa isang eksibit sa museo ng SFO sa San Francisco California na pinamagatang. "Pineapple to piña." Dagdag ng mga designer ay ginawa raw nilang inspirasyon ang bersyong 1961 at 1992 ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ang buong team ay kumunsulta rin sa isang designer at mga propesor sa departamento ng Filipino at Literatura sa UP Diliman na sina Gino Gonzales at Dr. Siao Campoamor. Masusi nilang itong kinunsulta upang mas lalong maunawaan ang paglalarawan ni Rizal ng mga tauhan sa dalawang akdang pinagbatayan. Ayon sa panayam sa buong team ng kostyum, naging mapanghamon ang pagpapalit katauhan ni Dennis Trillo mula sa pagganap kay Crisostomo tungo sa katauhan ni Simoun. Dagdag pa ni Arceo (2023):

His appearance is described as being tanned, having a sparse beard, long white hair, and large blue-tinted glasses. We hired Lyndon Costes of Wigshoppe to do custom blonde human hair wigs for him. We made him look very eccentric and as worldly as possible, using damask, tweed, and jacquard, playing on prints and colors. We were also inspired by Oscar Wilde, so you can see some touches of dandy and eccentricity in some looks.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Pinaliwanag ni Arceo na ang tagpuan ng El Filibusterismo ay nasa taong 1890s, kung saan dito nagsimula ang Industrial Revolution na kinapapalooban ng mga fashion style gaya ng goggles, eyeglasses at ilang mga leather piece. Siniguro ng team na hindi tinipid ang kasuotan ng bawat cast ng palabas at mabusising pinili ang authenticity nito. Sinabi rin ng mga designer sa isang panayam na ang mga kasuotan ng mga karakter na si Crisostomo, Simoun, Fidel, Maria Clara at Klay ay halos nagkakahalaga ng P30,000 hanggang P40, 000 kada isang set kasama na ang lahat ng materyal, leybor at ilan pang accessories. Binanggit din ng Designer na si Arceo na ang kostyum ni Fidel (David Licauco) na isang sport suits ay hango sa isang kanluraning anyo na kinumpleto ng sombrero at tungkod ay hinango at nabili sa Pilipinas Halos nagkakahalaga naman ng P15,000 ang bawat isang set ng kasuotan ng mga prayle na sina Padre Damaso (Tirso Cruz III) at Padre Salvi (Juancho Trivino) na pinatungkad ng Brown na telang Lana kaparehong tela na ginamit sa damit ng Pransiskanong Mongha. Sinikap ng buong production team na makita ang historical accuracy sa buong palabas sa tulong ng mga karakter, kostyum at maging ng tagpuan sa lahat ng tagpo at episode ng palabas. Maging hanggang sa hairstyles ay kinailangang aralin ng mga nasa-set at production team. Nakatanggap ng maraming papuri, kumento at parangal ang palabas dahil na rin sa napakamakatoohanang mga tagpo at pagganap na binigyang katarungan ng palabas. Sa kabilang banda, kinumpleto rin ng mga magaganda at akmang mga lugar ang bawat tagpo sa palabas. Naging konsistent ang produksyon ng palabas dahil sa matagumpay na pagbibigay-buhay sa lahat ng tagpo sa palabas. Ayon sa artikulo ni Lariosa (2022) sa Philippine Star Life, sinabi ni GMA Program Manager na si Edlyn Tallada-Abuel na nagkaroon ng iba't ibang lokasyon ang mga tagpuan ng Maria Clara at Ibarra. Karamihan sa kanilang napiling lokasyon ay ang mga lugar sa Ilocos, Batangas, Laguna, Bulacan, Tanay at Pampanga. Saad pa ni Abuel:

We have historian consultants for both creative and production details. Up to now, ongoing lahat ng consultations and confirmations with them. And sila mismo, amazed na amazed sa kinakalabasan ng bawat episode. Yung pagpili is based kung paano naka-describe sa book and script. Kung paano ang bawat details at sulok na naisalarawan... Sobrang binusisi

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



talaga namin ang bawat detalye. Yung exterior ng mga bahay, mostly sa Ilocos namin shinoot," she said. Yung Intramuros kung saan nahimatay si Klay was shot in Sarrat, Ilocos Norte, including the Beaterio facade. For San Diego, the church is in Sta. Maria, Ilocos Sur, while the facade and grand entrance of Crisostomo 's house is in Sitio Remedios, Ilocos Norte. Most of the streets na kunwari Intramuros were along Calle Crisologo," she said, as they also utilized the nearby hotels and establishments in the old area such as Hotel Felicidad, Villa Angela, Hotel Luna, and Hotel Venetto. The interior of Kapitan Tiago's house meanwhile, is shot in Taal, Batangas. Yung pagpili is based kung paano nakadescribe sa book and script. Kung paano ang bawat details at sulok na naisalarawan, 'yun din ang hinanap ng team. Makikita ang napakahirap, mabusisi at matagal na preparasyon upang umangkop ang lahat ng eksena sa bawat tagpo nan ais ipakita ng buong team sa mga tagapanood.

PAGSASALAYSAY AT BANGHAY (NARRATIVE AND PLOT)

Ang banghay ng Maria Clara at Ibarra ay binatay sa dalawang nobela ni Jose Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ito ay inere sa pambansang telebisyon noong Oktubre 3, 2022 at nagtaglay ng 105 na episode. Bagaman ang banghay nito ay nakabatay sa dalawang sikat na aklat; lumikha ang mga manunulat ng Dramang Historikal na ito ng mga panibagong karakter na kumatawan sa isang karakter na gen z sa katauhan ni Barbie Forteza bilang Klay. Nabigyang kulay ng karakter ni Klay ang punto de bista ng isang ordinaryong mag-aaral sa kolehiyo, hindi mayaman, isag working student, mapagmahal na anak at isang kabataan na handang ipaglaban ang kaniyang sariling Karapatan. Sa buod ng dalawang nobela ni Rizal ang siyang naging tuntungan ng kuwentong tinakbo ng palabas. Maayos na nailahad sa drama kung ano ang nilalaman ng aklat na Noli Me Tangere at ilang mga kaganapan sa El Filibusterismo sa malikhaing paraan. Hindi lamang nanatili ang mga story writer sa ordinaryong paglalahad ng dalawang nobela kundi umisip sila ng paraan kung maipapahayag ang kuwento ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo sa malikhaing paraan. Ito ay kuwento ng isang Gen z na si Klay na hinamon ng kaniyang propesor sa asignaturang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Rizal na pumasok sa mundo ng Noli upang makipamahay sa mga tauhan sa aklat. Sa huli ay naging malinaw kay Klay ang lahat ng mensahe ni Rizal at mas lalo niyang minahal ang kaniang bansa. Siya ay naging isang mangagamot at buong-pusong nagsilbi sa kaniyang bayan. Ang serye ay nagpapakita ng iba't ibang mukha ng pag-ibig, mula sa romantikong pag-iibigan nina Crisostomo Ibarra at Maria Clara, hanggang sa pagmamahal sa bayan na ipinapakita ng mga karakter sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan. Ang sakripisyo ng mga tauhan para sa kanilang mga minamahal at para sa bayan ay isang sentral na tema ng palabas.

Sa tulong na rin ng mga bagong tauhan na dinagdag ng mga manunulat ay mas naging kapana-panabik ang nasabing estorya. Bukod sa si Klay bilang isa sa mga pagunahing tauhan ay isang mag-aaral; lalo namang kinasabikan ng mga manonood ang tambalang FiLay (Fidel at Klay) dahil ang love team ay lubos na inabangan. Sa kasagsagan ng pag-eere ng palabas ay labis itong naging trending o sikat sa social media application sa mga smart phones-- ang tiktok. Maraming manonood ang nagkaroon ng interes naging love story ni Klay n amula sa kasalukuyang panahon at ni Fidel na nagmula naman sa panahon ng Noli Me Tangere. Hanggang sa huling bahagi ay inabangan ng maraming manonood ang tambalang Crisostomo/ Simoun at Maria Clara maging ang tambalan ni Klay at Fidel. Bagaman naglagay ng kakaibang twist ang mga manunulat ng Dramang Historikal na Maria Clara at Ibarra, masasabing mas nagkaroon ng kaalaman ang maraming mag-aaral at kabataan tungkol sa aklat ni Rizal. Umani ng mataas na rating ang Dramang historikal na MCAI kasabay nito ang pagtrending ng mga hashtag post sa iba't ibang plataporma gaya ng Twitter at Tiktok.

TEMA AT MENSAHE (THEMES AND MESSAGES)

Katulad ng layunin ni Dr. Jose Rizal sa pagsulat ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo, Nasyonalismo ang nakitang tema at mensaheng nakuha ng mananaliksik sa Dramang Historikal na MCAI. Gaya ng Noli Me Tangere, binigyang pokus ng mga manunulat ng MCAI

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ang pagtindig ng mga Pilipino sa mga ginawang pang-aapi ng mga Kastila sa mga Pilipino noong panahon ng Kastila. Sa pamamagitan ng katauhan ni Klay, binitawan ang paalala at panghimok sa mamamayang Pilipino na manindigan at makipaglaban para sa karapatan. Binigyang-pansin din ng mga manunulat at direktor ang ideya ng patuloy na pagbuhay ng mga kultura ng mga Pilipino noon maging ang mga wikang sinalita at mga tradisyong nakasanayan. Bukod sa pagbibigay impormasyon tungkol sa mga kultura't tradisyon na tinampok sa palabas, pinakita ang kahalagahan ng patuloy na paggamit at pagtangkilik nito. Sa huling bahagi ng palabas ay pinakitang nanatili si Klay sa kaniyang bansa upang maglingkod at patuloy na magmahal taliwas sa kaniyang prinsipyo't pananaw sa mga unang episode kung saan nais niyang mangibang-bayan. Makabagbag damdamin din ang isang episode na nagpakita ng pagsaludo ni Klay sa watawat ng Pilipinas bilang simbolismo ng kaniyang paggalang sa lahat ng mga Pilipinong lumaban para sa Kalayaan at simbolismo ng kaniyang pagibig sa bansang Pilipinas. Nag-iwan ang palabas sa mga manonood ng diwang makabansa na may pagmamahal sa Pilipinas sa kahit anomang paraan.

Naniniwala si Crisostomo na kailangang gamutin ang bayang Pilipinas sapagkat ito ay nagtataglay ng kanser at walang tanging lunas kundi ang pagbabago. Kalagayan ng babae sa lipunan ang isa sa mga lumutang na tema sa Dramang historical na Maria Clara at Ibarra. Sinabi rin ng pangunahing manunulat na si Suzette Doctolero na may temang Feminismo— bilang pagpapakita ng kalagayan ng kababaihan sa lipunan ang MCAI. Kabilang dito ang pagbabagong bihis ng isang babaeng Pilipina sa Lipunan. Pinakita ang magkakaibang mukhang ng babae sa katauhan nina Klay, Maria Clara, Tiya Isabel (bilang isang matapang na babaeng tumayong pangalawang magulang ni Maria Clara at nanindigan para sa mga minamahal.) Si Sisa, ang isang ina na nanindigan at nakipaglaban para sa kaniyang mga anak. Malungkot na wakas ang kaniyang kinahinatnan ngunit nag-iwan ng napakabuting imahe ng isang ina na gagawin ang lahat para sa kaniyang anak. Maging ang iba pang kababaihan na nagkaroon ng mahalagang papel sa nasabing palabas. Sa panayam ni G. Howie Severino kay Doctolero, sinadya umanong buhayin ang karakter ni Klay sa palabas hindi lamang magdagdag ng panibagong karakter sa fantaserye ngunit upang maipakita kung

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ano ang kahalagahan ng kababaihan sa kasalukuyang panahon. Si Klay (ginanapan ni Barbie Forteza) ang nagpamulat kay Clarita (Julie Ann San Jose) ng mga kakayahan at karapatan na dapat natatamasa at nagagawa ng isang babae.

Sa maraming episode pinamalas ni Klay ang kaniyang galing, kakayahan, talent at mapanuring pag-iisip. Pinakilala niya kay Maria Clara ang mga aklat at prinsipyo na hindi nabigyang diin sa dalawnag nobela ni Rizal. Ang katauhan ni Klay ay naging katangi-tangi lalo na sa huli ay naabot ang kaniyang tagumpay sa kabila ng pagiging salat at pagtahak sa di ordinaryong buhay. Pinakita rin sa katauhan ni Klay ang pagkakaroon ng kakayahan ng kababaihan sa kasalukuyang panahon na gawin ang lahat ng kayang gawin ng isang lalaki. Pinamalas sa katauhan ni Klay ang talino at kakayahang unawain ang mga bagay na noong panahon ng Kastila ay tanging lalaki lamang ang nakagagawa at pinapayagan. Binasag ng katauhan ni Klay ang pagkakaroon ng styereotype sa kababaihan.

Sa episode 35 ng MCAI na ipinaglaban ni Klay (ginampanan ni Barbie Forteza) ang karapatan ng kababaihan laban sa mga makalumang pananaw ng mga kalalakhian sa San Diego. Sa isang mahalagang eksena, ipinaalala niya kay Maria Clara (ginampanan ni Julie Anne San Jose) ang mga rehas na nakapalibot sa kanilang mga kababaihan noong panahon ng kolonyal na Espanyol. Sinabi ni Klay, "**Hindi mo nga nakikita, Maria Clara. Hindi mo nga nakikita pero ako kitang-kita ko ang mga rehas na nakapalibot sa akin dito. Sa akin, sa'yo.**" Nagpatuloy si Klay na ipahayag ang kanyang pagkadismaya sa sitwasyon ng kababaihan, binigyang-diin na walang mararating si Maria Clara kung patuloy itong magpapakulong sa kanyang kinalalagyan. Ayon kay Klay, "**Wala kang mararating, Maria Clara, kung mananatili ka sa kinalalagyan mo ngayon at hahayaan mong ikulong ang sarili mo. At alam mo ang pinakamasakit? Kayong mga babae rito, kayo mismo ang nagkukulong, pinagkakait sa isa't isa ang halaga at kapangyarihan ninyo.**" Ang eksenang ito ay nagpapakita ng matinding pagkakaiba ng mga pananaw ng kababaihan sa modernong panahon kumpara sa panahon ng kolonyal na Espanyol, at kung paano ginagamit ni Klay ang kanyang kaalaman at perspektiba mula sa hinaharap upang ipaglaban ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



karapatan at kalayaan ng mga kababaihan sa nakaraan. Ipinakita rin sa episode 20 ang katangan at lakas ng loob ni Klay na tulungan si Crisostomo sa akmang pagkalunod dahil sa pagliligtas kay Elias. Dito ay nabigyang-pansin ang kakayahan ni Klay na gawin ang paunang lunas o CPR dahil sa kaniyang natutuhan sa kaniyang kursong Nursing. Patunay na hindi limitado ang kakayahan ng kababaihan. Sa kabilang banda, dinugtungan ng mga manunulat ang pagpapakilala ni Rizal sa karakter na si Maria Clara. Nilabas sa kahon ang katauhan ni Maria sa tulong ni Klay—natutuhan ni Maria na manindigan, maging matapang, magdesisyon at matuto ng napakaraming bagay na higit pa sa kayang gawin ng isang babae sa kanilang panahon. Ang pagtutulungan, pagpapalakas ng bawat isa at kapatiran nina Maria at Klay ang lalong bumuhay sa ideya ng Feminismo sa dramang historical na Maria Clara at Ibarra. Ang mensahe at temang nasyonalismo at pagpapakita ng kalagayan ng kababaihan sa lipunan ay may malaking kaugnayan sa kasalukuyang panahon sapagkat sa kasalukuyang panahon ay nasusubok ang katapatan ng maraming Pilipino sa bansang Pilipinas magmula sa mga namumuno hanggang sa ordinaryong mamamayan. Kakikitaan din sa kasalukuyan ang pantay na karapatan ang kababaihan at kalalakihan.

PAGSASADULA (ACTING AND PERFORMANCE)

Ayon sa punong manunulat na si Suzette Doctolero, masusing pinili at pinag-isipan ang mga artistang gumanap sa dramang historical na Maria Clara at Ibarra. Ayon sa panayam ni Godinez (2022) kay Gng. Doctolero sinusulat pa lamang ang buong script ng kuwento ay nakaisip na agad sila ng mga artistang maaring gumanap sa mga karakter. Dagdag ni Godinez (2022) salig kay Helen Rose Sese (GMA-7 Assistant Vice President for Drama), walang awdisyong nangyari sa pagtatalaga ng mga cast ng programa. Dagdag pa ni Godinez salig kay Helen (2022),

"It's a brainstorming process ng team, batuhan kami. 'O, si Barbie kaya niya yung ganito, yung pagiging Gen Z, siya yung magre-represent ng present time.' 'Tapos, sino si Ibarra?' Well, nung inisip namin si Ibarra, yung character, wala na kaming ibang artista na naisip kung hindi si Dennis. "Kasi nga coming din from his

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



previous show na Legal Wives, na ang galing niya na napaniwala niya kami na Muslim siya." "So nung binuo to, for Ibarra, siya na agad yung nakita namin. "And nung pinresent din naman namin sa kanya, he likes the project. "In fairness kay Dennis, sa lahat ng bawat shows na ginagawa niya, inaaral niya talaga yung character, ina-absorb niyang maigi na siya yun, siya yung charcter." "Nung naisip din namin yung Sisa, naisip naming bigyan ng bagong bihis, sino kaya itong puwedeng mag-Sisa? "So nung sinabi namin na si Andrea, na galing din naman sa Legal Wives, so nakita namin ni Direk Zig yung capabilities niya sa acting, so nai-recommend namin si Andrea and gladly yung management naman approved our recommendation." "Si Julie yung nagpadala ng audition tape. Nung ipinadala niya naloka kaming lahat kasi ang ganda nang pagkagawa ni Julie." "Ito yung eksena na nasa simbahan and nasa tuktok siya, nasa torre siya ng simbahan at nagdadasal siya in Latin at mabigat yung eksena." "Malaking bagay na si Julie Anne kasi may kanta, e."

Sa pagtataya sa mga pangunahing tauhan at sa lahat ng nagsipagganap sa dramang historical na Maria Clara at Ibarra, nagging kapanapanabik ang bawat tagpo dahil sa mahusay na pagganap ng mga artistang naitalagang gumanap dito. Inabangan ng mga manonood ang bawat episode nito sa ibat- ibang flatroom gaya ng Facebook, Youtube, GMA-7 TV, at napasama ito sa Top 10 shows sa Nextflix Philippines sa loob ng 66 na araw-- Mula Abril 16- Hunyo 20, 2023. Ayon sa GMA News (2022), nagwagi ng napakaraming parangal ang ilang cast at ang mismong palabas. kabilang dito ang sumusunod: Best Supporting Actor- Juancho Triviño, Best TV Director of the Year- Zig Dulay, Best Educational Program, Pop TV Youth Educational Program of the Year, Most Outstanding Teleserye, Green Zeal Award of Excellence, Best Performance by an Actress in a Lead Role (TV Series)- Barbie Forteza, Best Performance by an Actor in a Lead Role (TV Series)- Dennis Trillo, Best TV Series, Best Performance by an Actor in a Supporting Role (TV Series)- Juancho Triviño, Best Performance by an Actress in a Supporting Role (TV Series)- Andrea Torres, Culturally Relevant TV Series, Best Primetime Drama Series, Best Drama Actor- Dennis Trillo, Best Drama Actress- Barbie

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Forteza, Best Actor in a Supporting Role- David Licauco, Best Actress in a Supporting Role- Andrea Torres, TV Supporting Actor of the Year- David Licauco, Special citation, Most Development-Oriented Drama Program (Special Citation), Most Development-Oriented Educational Program at Best Drama Series.

DAYALOGO AT SKRIP

Napansin din na ang skrip ng kabuuang dramang historical na Maria Clara at Ibarra ay pinag-isipan at dumaan sa maraming pagbasa. Ayon sa panayam ni Howie Severino kay Suzette Doctolero, naisip niyang sumulat naman ng makabangong istorya na hindi lamang iikot sa ordinaryong plot kundi ito ay magkakaroon ng salik ng magkahalong kasalukuyang kalagayan at paggunita sa nakalipas na kaganapan. Hindi naging Madali dahil bukod sa wikang Filipino ay kinailangan din magsalita ng mga tauhan ng wikang Kastila upang mas maging makatotohanan ang historical drama. Ayon din kay Doctolero, kinailangan pa nilang kumuha ng historian gayundin ng propesor na magtuturo at magbibigay sa kanila ng oryentasyon kung ano ang dapat nilang gawin sa isang partikular na tagpo at kung paano bigkasin ang mga salita sa wikang Kastila. Dagdag pa ni Zig Dulay (2022) sa panayam ni Godinez, Parang bago magsimula ang lahat, kasama ang production, lahat including the **artistas, parang nagkaroon kami ng orientation doon sa kabuuan at kaligiran ng mga nobela ni Rizal at yung katuturan nung buong nobela mismo. In that way feeling ko, nakatulong hindi lang doon sa creatives, sa production, kundi sa mga artista mismo kung paano maging sensitive doon sa handling nila o doon sa atake nila doon sa mga bawat characters. Maganda yung kinalabasan nung orientation kasi lumalapas dun sa mga characters yung purpose o kaya yung layunin nung bawat image. Kumbaga, nalalaman ng buong grupo, ng buong team na ang ginagawa nila ay hindi lang pagre-represent ng isang specific na character kundi kung paano siya naiugnay doon sa nobela.**

Ayon kay Dulay salig kay Godinez (2022), pinupuntahan niya at pinakikinggan ang lahat ng Batuhan ng linya upang masiguro na ang bawat salita ay nabibigkas nang maayos.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Gayundin siniguro na ang mga salita ay mauunawaan ng mga tagapanood at mabibigkas nang maayos lalong-lalo na ang mga malalalim na Tagalog. Sinuguro ng buong produksyon n amabilis maunawaan ang mga salitang binigkas sa palabas at hindi na kakailanganin pang hanapin ito sa diksyunaryo o saliksikin. Ayon naman kay Villaluna (2022), isang gurong Pilipino sa Espanya, direktor ng Cor Kudyapi. Sinabi niya sa kaniyang nailathalang artikulo na pinamagatang "The Spanish Authenticity in Maria Clara at Ibarra" Ang GMA-7 ay talagang naglaan ng oras, panahon at salapi upang magkaroon ng pagaaral tungkol sa wikang Kastila ang mga tauhan ng Maria Clara at Ibarra. Kinuha ni si G. Roven Alejandro isang Pilipino na nagtungo sa Espanya nonng 1997 upang mag-aral ng kaniyang degri na Spanish Language, Literature and Culture sa Universidad Complutense de Madrid. Naging isa siyang guro sa Ingles sa Madrid habang tinatapos ang kaniyang theater and film acting sa Balulu noong 2010. Sang-ayon kay Roven (2022), labis siyang naging interesado nang kuhain siya bilang language consultant ng GMA-7. "The script was kind of cute. It's Noli Me Tangere but narrated through the POV of a Gen-Z, a strategy to make Noli Me Tangere relevant to the young ones. I was impressed." The show starting taping in August 2022." Naglaan ang mga pangunahing tauhan ng 2-3 oras upang pag-aralan ang mga salita at pagbigkas ng wikang Kastila. Hindi lamang nagtuon ang kanilang pag-aaral sa pagbigkas kundi maging sa mga mahihinang tunog at paglikha nito maging ang paraan ng pagtawa ay kasama sa ginawang pag-aaral ng mga aktor.

SINEMATOGRAPIYA AT PAGDEDEREHE (CINEMATOGRAPHY AND DIRECTIONS)

Marami ang humanga sa napakagandang mga tagpo ng lahat ng episode ng Maria Clara at Ibarra. Nagkaroon ng napakaraming shots at ang bawat eksena depende sa kung ano ang mas kaaya-ayang anggulo sa mga tagapanood at sa aktuwal na kaganapan sa bawat tagpo. Hindi naging ordinary ang mga anggulo at mga *effects* na ginamit upang mas madama ng mga tagapanood na sila ay nagbalik sa panahon ng Kastila na siyang tagpuan ng Noli Me Tangere. Maraming manonood ang humanga sa pakakaayos ng mga tagpuan na pinagganapan ng mga eksena. Gayundin ang maraming kuha at magagandang anggulo na

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ginawa ng Camera man at mga pangunahing direktor na sina Zig Dulay at Aloy Adlawan. Dagdag pa ni Dulay, talagang tinutukan niya at siniguro na siya nakatulong sa lahat ng paraan, magmula sa pag-iinternalize ng bawat karakter hanggang sa maliliit na detalye gaya nung paano magbigay ng hudyat sa pagpapatakbo ng kabayo na kinailangan ng isang kutsero.

CRITICAL RECEMPTION

Matapos mamayapag ng dramng historical na Maria Clara at Ibarra sa Netflix Philippines, Facebook at Tiktok; umani ito ng sari saring papuri sa mga tao. Marami ang gumawa ng mga vlog, blog at nagsaad ng kanilang kumento tungkol sa tinakbo ng bawat episode ng palabas. May mga nagkumento na nakakitaan nila ang Philippine Drama ng pag-asa at pagbabagong bihis dahil sa palabas na Maria Clara at Ibarra. Dahil sa makabagong paraan ng pagkukuwento, nabuhay at nagkaroon ng twist ang palabas; iba sa karaniwang inaasahan ng mga manonood. Isa sa naging kalakasan nito ay tumalakay ito sa Nasyonalismo sa kakaibang paraan. Magaan at makabagong pagdulog sa mga bagong karakter na nakatulong sa lalong pagpapatingkad ng mensahe ng dalawang nobela ni Rizal. Ayon sa ilang kumento may mga manonood na nagsabing higit pa ang palabas na Maria Clara at Ibarra sa pagsasalaysay ng mga kaganapan noong panahon ng Kastila. Sapagkat ito rin ay tumalakay sa mga paghihirap na pinagdaanan ng mga Pilipino bago tuluyang magising sa katotohanan at lumaban para sa kalayaan.

IMPAK AT LEGASIYA (IMPACT AND LEGACY)

Nabanggit ni Suzette Doctolero na ang Maria Clara at Ibarra ay isang cultural flashback kung saan ang palabas na ito ay nagtampok ng napakaraming kulturang Pilipino na nagsimula noong pananakop ng Kastila hanggang sa kasalukuyan. Tinuro ng palabas na ito ang Nasyonalismom na maaring ialay ng kahit na sinong sa kaniyang bayang sinilangan. Maliban sa napakagandang mensahe, muling binigyang-tuon ng palabas ang mensahe ni Jose Rial sa kaniyang dalawang nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ang pagtindig para sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



sariling karapatan, pagmamahal sa bayan at sa kapwa. Pantay-pantay na pagtingin sa kababaihan at kalalakihan, pagpapahalaga sa edukasyon, pagkakaroon ng pantay-pantay na karapatan ng lahat ng tao sa lipunan. Naging inspirasyon ito ng maraming manunulat at manonood sa patuloy na pagtangkilik at paglikha ng mga dekalidad na palabas na tumatalakay hindi lamang sa pag-ibig ngunit maging ng pag-ibig sa bayan. Bagamat napakaraming bersyon na ng Noli at El Fili ang naisaintablado; ang Maria Clara at Ibarra ay nag-iwan ng legasiya sa manonood at mga Pilipino at nakapaghikayat sa maraming kabataan sa kanilang mahalagang papel na gagampanan sa bayan sa darating na hinaharap.

2. MGA PANGUNAHING PUWERSANG KULTURAL ANG TINANGHAL NG MARIA CLARA AT IBARRA

Sang-ayon naman kay Meimeic (2017) malawakang tinalakay ni Eagleton ang iba't ibang puwersang kultural at ideolohikal na humuhubog sa literatura at lipunan. Bagaman saklaw ng mga akda ni Eagleton ang malawak na spektrum ng kultural na pagsusuri, narito ang ilang pangunahing konsepto at puwersa na sentral sa kanyang pagsusuri, na hango mula sa kanyang malawak na hanay ng mga akda, partikular mula sa mga librong "Literary Theory: An Introduction", "The Function of Criticism: From the Spectator to PostStructuralism." at "The Ideology of the Aesthetic." Ang puwersang pangekonomiko, politikal, panlipunan, pangkasaysayan, sikolohikal, aestetiko, etikal at tungkol sa relihiyon ay ang mga puwersang kultural salig kay Eagleton.

PUWERSANG PANG-EKONOMIKO Ayon kay Meimeic (2017), salig kay Eagleton, ang Puwersang ekonomiko ay ang mga estruktura at sistemang pang-ekonomiya na may epekto sa produksiyon, distribusyon, at pagkonsumo ng kultura. Isinasalang-alang nito kung paano ang mga salik pang-ekonomiya tulad ng kapitalismo, ugnayan ng mga uri, at puwersa ng merkado ay nakakaimpluwensya sa paglikha at pagtanggap ng sining. Ayon sa artikulo ni Lariosa (2023) sa Philippine Star Life, malaking salapi ang nilabas upang maging matagumpay ang buong produksiyon ng MCAI. Batay sa artikulo ni Llemit (2023), Ang MCAI ay nakalikom ng 22,100 000 oras ng views mula Enero hanggang Hunyo 2023. Bukod pa rito, ang MCAI ay

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ang isa sa mga pinakapinanood na palabas sa Netflix noong 2023. At ayon sa GMA News Online (2023), nanatili ang MCAI sa top 10 list ng Netflix Philippines sa loob ng 2 buwan. Ito ay dahil sa masusing pagpili ng GMA Network ng mga stylist na siyang nag-ayos/ naggayak sa mga tauhan ng naturang palabas. Kabilang dito sina Jan Raroque, Roko Arceo at Margie Sorio. Katuwang din sina Mikaela Borinaga (isang scenographer) at isang fashion historian na si Gino Gonzalez. Sang-ayon sa mga designer na ito, ang kanilang mga supplier ng kasuotan ay talagang nag-angkat pa ng mga piña fabrics upang makatulong sa lalong pagpapaganda ng mga kasuotan. Si Sorio naman ang namahala sa teknikal na pagbibihis at pagdedesenyo ng mga kasuotan ng nagsipagganap sa katauhan ni Padre Damaso at iba pang mga prayle. Sinabi rin ni Arceo (2023), na pinagbatayan nila ang pinta nina Juan Luna at Leonard Tayao-Cruz sa ilang tagpo ng Noli Me Tangere. Pinagbatayan din ng mga designer ang mga larawan ng isang fashion photographer na si Francis Gum sa isang eksibit sa museo ng SFO sa San Francisco California na pinamagatang. "Pineapple to piña." Dagdag ng mga designer ay ginawa raw nilang inspirasyon ang bersyong 1961 at 1992 ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo. Ang buong team ay kumunsulta rin sa isang designer at mga propesor sa departamento ng Filipino at Literatura sa UP Diliman na sina Gino GonzaleZ at Dr. Siao Campoamor. Masusi nilang itong kinunsulta upang mas lalong maunawaan ang paglalarawan ni Rizal ng mga tauhan sa dalawang akdang pinagbatayan. Siniguro ng team na hindi tinipid ang kasuotan ng bawat cast ng palabas at mabusising pinili ang authenticity nito. Sinabi rin ng mga designer sa isang panayam na ang mga kasuotan ng mga karakter na si Crisostomo, Simoun, Fidel, Maria Clara at Klay ay halos nagkakahalaga ng P30,000 hanggang P40, 000 kada isang set kasama na ang lahat ng materyal, leybor at ilan pang accessories. Halos nagkakahalaga naman ng P15,000 ang bawat isang set ng kasuotan ng mga prayle na sina Padre Damaso (Tirso Cruz III) at Padre Salvi (Juancho Trivino) na pinatungkad ng Brown na telang Lana kaparehong tela na ginamit sa damit ng Pransiskanong Mongha. Ang mga gastos sa produksyon ng palabas, tulad ng paggawa ng set, pagbayad sa mga aktor at kawani, at iba pang gastos, ay isang aspeto ng puwersang pang-ekonomiya. Ang mga desisyon sa paggawa ng palabas, kung paano ito ipinamahagi, at kung saan ito ipinalabas ay gumalaw

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



batay sa mga ekonomikong konsiderasyon. Dahil na rin sa kasikatan at katagumpayan ng palabas, nagkaroon ng mga advertisement ang sumikat na loveteam na sina Barbie Forteza at David Licauco. Batay sa artikulo ni Salterio (2023), sa Philippine Star, Ang tagumpay ng TV partnership ng FiLay ang nag-udyok sa kanila na maging brand ambassador's ng whitening at immune-boosting food supplement na Ishin. Ang FDA-approved na produkto na may glutathione ay pagmamay-ari ng batang mag-asawang sina Mario Miguel at Shirleen Bautista. Ang kanilang unang product endorsement bilang TV couple ay ang whitening brand na Ishin. Dahil sa komersyalisasyon, naging popular at kumita sa takilya ang dramang historikal dahilan upang mas lumawak ang endorsement ng palabas kahit na ito ay tapos ng umere sa telebisyon. Sa pangkalahatan, ang MCAI hindi lamang isang kultural na pagsasalaysay kundi isang produkto rin ng mga puwersang pang-ekonomiya na nagbibigay-halaga sa produksyon, distribusyon, at komersiyalisasyon ng sining at kultura.

PUWERSANG PANG-EKONOMIKO BATAY SA TAUHAN

Sa konteksto ng mga tauhan ng MCAI maaaring masusing suriin ang impluwensiya ng puwersang pang-ekonomiya sa mga karakter at mga kilos nito. Kung susuriin ang katauhan ni Crisostomo Ibarra, Siya ay papasok sa konsepto ng kasosyo at investor. Si Crisostomo Ibarra ay kilala bilang isang mayaman at edukadong mag-aaral na nagbalik mula sa Europa upang pamunuan ang kanyang mga ari-arian at negosyo sa bayan. Ang kanyang yaman at impluwensiya sa lipunan ay naglalagay sa kanya sa tuktok ng sosyal na piramide, nagbibigay sa kanya ng kapangyarihan at impluwensiya na kontrolin ang ekonomiya at pulitika ng kanyang komunidad. Sa kabilang banda, si Crisostomo ang pangunahing tauhan sa nobelang MCAI, ay maaaring ituring na isang insulares. Sa konteksto ng kolonyal na Pilipinas, ang insulares ay tumutukoy sa mga Pilipinong ipinanganak sa Pilipinas ngunit may dugong Kastila. Sila ay mataas ang posisyon sa lipunan ngunit hindi kasing taas ng mga peninsulares, na ipinanganak sa Espanya. Ayon kay Apsay (2019), Ang insulares ay isang terminong ginamit noong panahon ng kolonyal na Espanya upang tukuyin ang mga taong ipinanganak sa mga kolonya (tulad ng Pilipinas) ngunit may purong dugong Kastila. Sa madaling salita, sila ay

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



mga Espanyol na ipinanganak sa kolonya, hindi sa Espanya. Si Ibarra ay ipinanganak sa Pilipinas ngunit galing sa isang mayamang pamilya na posibleng may halong dugong Kastila. Ang kanyang ama, si Don Rafael Ibarra, ay isa sa mga kilalang tao sa kanilang lugar, na nagpapahiwatig ng kanilang mataas na antas sa lipunan. Nag-aral si Ibarra sa Europa, isang pribilehiyo na karaniwang makukuha lamang ng mga mayayamang Pilipino at mga may dugong Kastila. Ang kanyang mataas na antas ng edukasyon ay nagpapakita ng kanyang pagiging bahagi ng elitistang grupo ng lipunan. Ang mga desisyon ni Ibarra sa pagpapatakbo ng kanyang mga negosyo, kung paano niya ginagamit ang kanyang yaman at impluwensya upang makamit ang kanyang mga layunin, ay nagpapakita ng impluwensya ng puwersang pang-ekonomiya sa kanyang mga kilos. Ang kanyang mga hakbang na pang-ekonomiya ay maaaring magdikta ng kanyang mga relasyon sa iba pang mga tauhan, tulad ni Kapitan Tiago, mga manggagawa, at iba pa.

Sa konteksto naman sa katauhan ni Maria Clara, Siya ay kumakatawan sa tradisyonal na lipunang Pilipino kung saan ang mga babae ay may limitadong papel sa ekonomiya. Ang kanilang pangunahing tungkulin ay sa loob ng tahanan at sa mga gawaing pang-relihiyon, kaya't hindi sila direktang kasangkot sa produksyon o sa merkado ng ekonomiya. Ang monologong ni Klay sa episode 13 ang nagpapatibay sa mababang pantingin sa kababaihan noong panahon ng Kastila gayundin ang kanilang mababang katayuang pang ekonomiko. Bukod dito, maituturing din na kabilang si Maria Clara sa mga tauhan nakaangat ang estado sa lipunan at ekonomiya. Si Maria Clara ay tinuring na anak ni Kapitan Tiago, isang mayamang negosyante. Ang kanyang katayuan ay mataas dahil sa yaman at impluwensya ng kanyang ama. Nabigyan siya ng magandang edukasyon at marangyang pamumuhay. Gayunpaman, limitado ang kanyang kalayaan dahil sa mga tradisyong umiiral sa lipunan.

PUWERSANG POLITIKAL

Pinakita sa episode 3 na ang kaso ni Don Rafael ay nagpapakita ng diskriminasyon at kawalang-katarungan sa ilalim ng sistemang kolonyal. Ang pagiging progresibo at makatao ni Don Rafael ay itinuring na banta sa kapangyarihan ng mga prayle at lokal na opisyal. Ang

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



kanyang pagkamatay sa bilangguan ay isang simbolo ng kawalan ng katarungan sa lipunan at ang malupit na paggamit ng kapangyarihan ng simbahan at estado laban sa mga taong nagnanais ng pagbabago. Hinayag naman sa episode 23 ang senaryo nang ipinanukala ni Crisostomo Ibarra ang pagtatayo ng paaralan, nakatanggap siya ng matinding pagtutol mula sa mga prayle, partikular kay Padre Salvi, na natatakot sa edukasyon ng mga Pilipino. Ang insidenteng ito ay nagpapakita ng takot ng mga nasa kapangyarihan sa pagbabago at pag-unlad. Ang mga prayle ay gumagamit ng kanilang impluwensya upang pigilan ang anumang reporma na maaaring magbigay ng kapangyarihan sa mga tao.

PUWERSANG PANLIPUNAN

Sa Dramang historikal na MCAI, makikita ang epekto ng kolonyalismong Espanyol sa lipunan, kung saan ang mga Pilipino ay itinuturing na mga second-class citizens. Ang mga prayle at mga opisyal ng pamahalaan ay may malaking impluwensya at kapangyarihan, habang ang mga indio (Pilipino) ay madalas na inaapi at pinagsasamantalahan. Ang mga tauhan tulad nina Padre Damaso at Padre Salvi ay nagpapakita ng mga pangaabuso at pang-aapi ng mga Espanyol sa mga Pilipino. Ipinapakita sa drama kung paano nila pinagmamalupitan ang mga indio, nagiging sanhi ng mga dimakatarungang pag-uusig at pagmamaltrato. Makikita sa episode 1 ang pagmamalupit ni Padre Damaso kay Lucia dahil na siya ay isang babae. Minaltrato ni Padre Salvi sina Crispin at Basilio at pinagbintangang kumuha ng onsa. Sa episode 8 ay makikitang pinipilit ni Padre Salvi si Sinang na sabihin ang lahat ng galaw at kils ni Maria Clara, habang sa episode 10 naman ay pilit pinahuli si Sisa dahil hindi niya maituro kung nasaan si Crispin. Makikita ang malawakang katiwalian at pangaabuso ng mga nasa kapangyarihan. Halimbawa, ang hindi makatarungang pagtrato kay Sisa at ang pagdakip kay Ibarra ay nagpapakita ng kawalan ng hustisya. Ang mga malalaking lupain (hacienda) ay pag-aari ng iilang mga mayayamang pamilya at mga prayle. Ang mga magsasaka ay mga kasama lamang na nagbabayad ng malaking bahagi ng kanilang ani bilang buwis. Sa palabas, makikita kung paano ang mga magsasaka ay nahihirapan sa ilalim ng sistemang ito. Ang mga prayle at mga mayayamang Espanyol ay may kontrol sa kabuhayan

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



ng mga tao. Ang mga Pilipino ay walang kalayaan sa kanilang sariling mga negosyo at lupa. Ang kontrol na ito ay ipinapakita sa serye sa pamamagitan ng mga karakter na nakakaranas ng kahirapan at kawalan ng hustisya sa ekonomiya.

Sa kabilang banda ay naging malikhain din ang manunulat sa paglalahad ng isang malaking pagbabago sa katayuan ng babae sa lipunan. Sa simula ay pinakilala si Maria Clara bilang isang babaeng walang kakayahang manindigan sa kaniyang sariling Karapatan. Kamatayan ang kaniyang kinahinatnan sa kaniyang pamamalagi sa kumbento. Hindi niya nagawang abutin ang kaniyang mga pangarap na magpatayo ng paaralan kasama ng kaniyang lalaking iniibig at di rin niya naabot ang pangarap na maging isang guro. Kung titignan naman ang larawan sa kanang bahagi. Makikita na ipinakilala ng manunulat ng teleserye si Clarisse (ginanapan din ni Julie Ann San Jose) isang panibagong katauhan ng babae na isang guro sa musika sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila. Tinaas ng manunulat ang karakter ng isang kababaihan, mula sa kasawian tungo sa isang mapagtagumpay na babae na hindi nalimitahan sa pagiging isang asawa bagkus isang babaeng makapangyarihan na gumagabay sa susunod na henerasyon ng bayan. Nilikha rito ang isang karakter ng kababaihan sa kasalukuyan. Pinakilala ang babae sa bagong henerasyon na tulad ni Klay ay may kakayahang abutin ang pangarap at nabigyan ng pagkakataong makapag-aral at maging propesyunal sa hinaharap. Bagaman nagkaroon ng ilang pagbabago sa takbo ng kuwento at hindi masasabing ito ay sumunod sa orihinal na Nobela, naging tuntungan ng may-akda ang dalawang nobela upang makalikha ng isang dekalidad na dramang historikal. Ang pagpapakita ng makabagong kultura at pananaw sa mga kababaihan ay lubos na napatingkad ng Dramang Historikal sa tulong ng mga karakter na binuhay ng manunulat sa kaniyang natatanging akda.

PUWERSANG HISTORIKAL

Sa teleseryeng MCAI ang mga puwersang historikal ay malinaw na ipinapakita sa pamamagitan ng iba't ibang mga eksena at pangyayari. Ang mga puwersang ito ay nagbibigay ng konteksto at lalim sa mga karakter at sa kanilang mga desisyon. May mga eksena ng pang-aapi at pag-abuso ng mga Kastila sa mga Pilipino ay nagpapakita ng tunay na kalagayan sa

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



ilalim ng kolonyal na pamahalaan. Ang mga karakter tulad nina Padre Damaso at Alperes ay mga simbolo ng mapang-aping sistema. Ang mga ideya ng pagbabago at kalayaan mula sa mga kolonyal na pinuno ay sumasalamin sa mga kaisipan ni Jose Rizal at ng kanyang mga kasamahan sa Kilusang Propaganda. Sa Dramang historikal, ang karakter ni Ibarra ay nagpapakita ng mga makabago at progresibong ideya na nais ipalaganap ng mga ilustrado.

PUWERSANG SIKOLOHIKAL

Sa teleseryeng MCAI maraming eksena ang nagpapakita ng sikolohikal na aspeto ng mga tauhan. Isa sa mga kapansin-pansing episode 5 ay ang eksena kung saan si Ibarra ay bumabalik sa San Diego matapos ang kanyang pagaaral sa Europa. Sa episode na ito, makikita ang malalim na emosyon at paghihirap na dinadala ni Ibarra dahil sa mga alaala ng kanyang ama at ang pagnanais niyang baguhin ang sistema ng edukasyon sa Pilipinas. Ang pagbabalik ni Ibarra sa San Diego ay puno ng pagkabalisa dahil alam niyang haharapin niya ang mga isyung naiwan ng kanyang ama. Makikita ang kanyang pag-aalala at takot sa kung paano tatanggapin ng mga tao ang kanyang mga plano at layunin.

PUWERSANG ETIKAL

Ang Dramang historikal na MCAI ay mayroong ilang mga eksena na nagpapakita ng puwersang etikal, lalo na sa paraan ng pagtrato ng mga tauhan sa isa't isa at sa kanilang mga paninindigan. Isang mahalagang eksena na nagpapakita nito ay ang pagtutol ni Ibarra sa korapsyon at kawalan ng hustisya sa lipunan. Isa na rito, ang eksena kung saan kinaharap ni Crisostomo Ibarra ang mga problema sa pagtatayo ng paaralan, makikita ang kanyang matibay na paninindigan sa edukasyon bilang isang mahalagang karapatang pantao. Sa kabila ng mga hadlang at pagsubok na dulot ng mga prayle at iba pang makapangyarihang tauhan, naninindigan si Ibarra sa kanyang layuning magbigay ng dekalidad na edukasyon para sa mga kabataan. Ipinapakita nito ang kanyang responsibilidad at malasakit sa kapakanan ng lipunan.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



PUWERSANG PANRELIHIYON

Sa dyornal na sinulat ni Jia (2021), ang impluwensya ng katolisismo na dala ng mga Espanyol ay namayani sa loob nang Tatlong siglo. Sinabi rin na ayon sa dattos na nakalap, ang Pilipinas ay ang nag-iisang bans ana Kristyano sa Asya. Mahigit sa 86% ng populasyon ay Romano Katoliko, 8% ay binubuo ng iba’t ibang sekta ng Kristyanismo, 4% ay kabilang sa mga Muslim at 2% ay ibang relihiyon. Pinakita sa dramang historikal na Maria Clara at Ibarra ang napakaraming kaugaliang may kinalaman sa relihiyon. Dahil nga ang palabas na ito ay sumasalamin sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng Kastila, nabibilang sa mga pangunahing tauhan na siyang tinuturing na may kapangyarihan ay ang mga Paryle. Makikita sa kabuoang teleserye ang pagpapakita ng mga kultura na may kaugnayan sa relihiyon.

3. PAGSUSURI NG DRAMANG HISTORICAL NA MCAI GAMIT ANG PAGBASANG PALOOB NI LOUIE JAN SANCHEZ

Sikat at pinag-usapang Dramang historikal na Maria Clara at Ibarra ng GMA, likha nina Suzette Doctolero at Zig Dulay na pinagbidahan ng mga pangunahing tauhan sa pigura 84. Umeyre ito mula noong ka-3 ng Oktubre taong 2022 hanggang ika-23 ng Pebrero, 2024. Ito ay kinumpleto ng 105- episode na pumatok at nakalikom ng 22,100 000 oras ng views mula Enero hanggang Hunyo 2023. Bukod pa rito, ang MCAI ay ang isa sa mga pinakapinanood na palabas sa Netflix noong 2023. At ayon sa GMA News Online (2023), nanatili ang MCAI sa top 10 list ng Netflix Phillippines sa loob ng 2 buwan. Maituturing itong dramang historikal dahil sa mga katangiang taglay ng palabas na may pangunahing temang pag-ibig sa bayan at kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng mananakop. Ang MCAI ay isang teleseryeng Pilipino na nagsasalaysay ng mga pangyayari sa panahon ng Kastila. Bagamat ang kabuuang serye ay kathang-isip, ito ay nakabase sa mga nobelang Noli Me Tangere at El Filibusterismo ni Dr. Jose Rizal. Ang mga nobelang ito ay nagbibigay-diin sa mga kahirapan at pang-aapi na dinanas ng mga Pilipino sa ilalim ng pamumuno ng mga Kastila.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



MCAI SALAMIN NG PILIPINAS NOON AT SA KASALUKUYANG PANAHOON

Sa MCAI, tampok ang dalagang si Klay Infantes (Barbie Forteza), na naipadala sa mundo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo kung saan ayon kay Panganiban (2017), sa dalawang aklat na ito walang takot na nilahad nilahad ni Rizal ang kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng Kastilang mananakop. Nagsimula sa isang academic requirement ang pagbabasa ni Klay ng nobela ngunit dahil sa kasamaang palad ay hindi siya nakatugon sa kahingian ng kaniyang propesor kaya't siya ay napadala sa daigdig ng Noli at Fili kung saan nakilala ni Klay ang mga tauhang nagsipagganap sa akda at kaniyang naunawaan ang mensahe ng manunulat ng mga nobelang ito. Bunga ng pagkakapasok ni Klay sa aklat, naranasan niya ang lahat ng mga karanasan ng mga Pilipino noong panahong iyon. Kabilang sa kalagayan ng Pilipinas na nailantad ng dramang historikal na MCAI sa pamamagitan ng katauhan ni Klay ay ang pagkakaroon ng mga tiwaling opisyal, pagkakit ng mga karapatang pantao sa mga Pilipino, kawalan ng pagkakapantay-pantay, diskriminasyon ng lahi, sapilitang paggawa at tiwaling pagpapatupad ng hustisya. Sa dramang historikal na MCAI ipinapakita ang iba't ibang anyo ng katiwalian ng mga opisyal sa panahon ng Kastila. Ang katauhan ni Padre Damaso (ginampanan ni Tirso Cruz), ay representasyon ng korapsyon at pang-aabuso. Siya ay kilala sa pang-aabuso sa kapangyarihan bilang kura paroko, naniningil ng mataas na buwis at suhol mula sa mga mamamayan, at nakikialam sa personal na buhay ng mga tao tulad nina Maria Clara at Ibarra. Sa unang episode pa lamang ay makikita ang pagiging malupit sa mga indio at pagiging palalo pagtitipong ginanap para sa pagbabalik ni Crisostomo. Ayon kay Apsay (2019), Noong panahon ng Kastila sa Pilipinas, talamak ang katiwalian sa pamahalaan. Maraming mga opisyal ang nasangkot sa mga gawain tulad ng paghingi ng suhol at pang-aabuso sa kapangyarihan. Ang mga encomendero, na may tungkuling mangolekta ng buwis at magbigay ng proteksyon sa mga Pilipino, ay madalas na naniningil nang higit sa nararapat at hindi nagbibigay ng sapat na proteksyon. Ang sistemang ito ay nagresulta sa maraming pag-aabuso at pagsasamantala sa mga katutubo. Ilan pang mga tauhan sa drama na naging simbolismo ng katiwalian ay ang katauhan ng Alperéz na pinuno ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



guardia civil, ay nagpapakita ng katiwalian sa pamamagitan ng pagmamalabis sa kapangyarihan, pananakot sa mga tao, at pagtanggap ng mga suhol. Ang kanilang posisyon ay madalas ginagamit sa personal na kapakinabangan, kung saan sila'y tumatanggap ng suhol at nakikibahagi sa iba't ibang uri ng katiwalian. Makikita sa episode 10 ang sapolitang pagdakip kay Sisa at walang habas na pagbibintang sa kaniyang mga anak sa salang pagnanakaw ng onsa sa simbahan. Nagmakaawa si Sisa ngunit patuloy pa rin siyang dinakip at sa dahil sa pagpigil at pagpupumiglas ni Klay upang tulungan si Sisa ay sinindak sila ng mga guwardiya sibil upang sapilitan silang sumama.

Si Kapitan Tiago bagamat hindi opisyal na Kastila, si Kapitan Tiago ay nagpapakita ng katiwalian sa kanyang mga negosyo at pakikipagsabwatan sa mga opisyal upang mapanatili ang kanyang yaman at impluwensya. Ang mga lokal na opisyal tulad ng gobernadorcillo ay madalas na naniningil ng mataas na buwis at nagpapakita ng kawalan ng katarungan sa pamamahala sa kanilang nasasakupan. Makikita sa episode 5 kung saan makikita ang pagsunod ni Kapitan Tiyago sa kagustuhan ng prayle upang mapanatili ang kaniyang estado sa lipunan at mga koneksyon. Sa kasalukuyang panahon, sinisimbolo ni Kapitan Tiago ang mga Oligarchs at Political Dynasties. Mga mayayamang pamilya at indibidwal na gumagamit ng kanilang yaman at impluwensya upang mapanatili ang kanilang kapangyarihan sa politika at negosyo. Kumakatawan din si Kapitan Tiyago sa mga collaborators. Ang mga taong nakikipagtulungan sa mga dayuhan o malalaking kumpanya kapalit ng personal na kapakinabangan, kahit na makakasama ito sa nakararami.

Si Elias ay isa ring simbolo ng karunungan at edukasyon. Bagama't hindi siya nakapagaral sa mga paaralang Kastila, taglay niya ang malalim na pagkaunawa sa mga isyung panlipunan at ang pangangailangan ng mga Pilipino para sa reporma. Ang kanyang mga talakayan kay Ibarra ay nagpapakita ng mahalagang papel ng edukasyon at kaalaman sa pagpapalaya sa bayan. Ang mga symbolismong ito ay nagpapayaman sa karakter ni Elias at nagbibigay-diin sa mga temang nais iparating ng dramang historikal. Sa pamamagitan ng karakter ni Elias, naipakita ang iba't ibang aspeto ng pakikibaka para sa kalayaan at

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



hustisya sa ilalim ng kolonyal na pamahalaan. Sa kasalukuyang panahon, ang karakter ni Elias mula sa dramang historikal ay maihahambing sa ilang mga indibidwal o grupo na nagtataguyod ng pagbabago at hustisya sa lipunan. Maraming aktibista ang patuloy na lumalaban para sa karapatang pantao at katarungan sa iba't ibang bahagi ng mundo. Sa Pilipinas, ang mga katulad nina Jose Maria Sison (tagapagtatag ng Communist Party of the Philippines) at Leila de Lima (isang senador na kilala sa kanyang pagtuligsa sa mga extrajudicial killings at paglabag sa karapatang pantao) ay maaaring ituring na mga modernong Elias. Ayon kay Yuching (2022), Si Sison ay inaresto at ikinulong ni dating Pangulong Ferdinand E. Marcos mula Nobyembre 1977 hanggang Marso 1986, nang siya ay pinalaya ng administrasyon ni Corazon Aquino, hindi nagtagal matapos mapatalsik ang diktador. Pagkatapos nito, nagsimula siya ng isang lecture tour sa Asya at Europa.

KLAY INFANTES BILANG MODERNONG DALAGANG PILIPINA

Sa dramang historikal na MCAI, pinakilala ng manunulat ang bagong karakter na si Klay na kumatawan bilang modernong dalagang Pilipina. Si Klay ay isang kasalukuyang estudyante sa kolehiyo na nahihirapan sa kanyang mga klase sa Rizal's Life and Works. Upang matulungan siyang maunawaan ang kahalagahan ng kasaysayan ng Pilipinas, binigyan siya ng kanyang propesor ng isang mahiwagang libro. Ang librong ito ay nagdala sa kanya pabalik sa panahon ng "Noli Me Tangere" at "El Filibusterismo," kung saan nakilala niya ang mga karakter mula sa mga nobela ni Rizal, kabilang sina Maria Clara, Crisostomo Ibarra, at iba pang mga tauhan. Sa unang episode pa lamang ng drama ay pinakita na ang larawan ng kasalukuyang babaeng Pilipina sa karakter ni Klay na isang *working student*. Bilang isang working student, nagpakita si Klay ng determinasyon at sipag upang maitaguyod ang kanyang pag-aaral habang nagtatrabaho. Kinailangan ni Klay tamang pagbabalanse sa kanyang oras sa pagitan ng pag-aaral at trabaho. Mahirap ito dahil kailangang maglaan ng sapat na oras para sa mga klase, aralin, at mga proyekto, habang kailangan ding magtrabaho upang kumita at masuportahan ang kanyang mga pangangailangan. Kalakip nito ang matinding tiyaga,

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



sipag at determinasyon sa kaniyang mga ginagawa. Ang karanasan ni Klay bilang isang working student ay nagbigay sa kanya ng mga praktikal na kaalaman at kasanayan. Natuto siya ng mga kasanayan sa pamamahala ng oras, pagtitiis, at responsibilidad na mahalaga sa kanyang hinaharap. Makikita sa buong drama na sa kabila ng mga hamong hinarap ni Klay ay patuloy siyang nagsumikap hanggang sa makamit niya ang kanyang mga pangarap. Ang kanyang kuwento ay nagbigay inspirasyon sa maraming kabataan na harapin ang mga hamon at magpursigi sa kabila ng mga pagsubok. Ito ay sumalamin sa buhay at sitwasyon ng mga Kabataang pinagsasabay ang pag-aaral at pagtatrabaho. Sa episode 20 naman pinapakita ang kakayahan ni Klay na magbigay ng paunang lunas nang malunod si Crisostomo dahil sa pagliligtas kay Elias sa Buhaya. Makikita rin sa tagpong ito kung paano kinuwestiyon ng mamamayan ang kakayahan ni Klay sa panggagamot ngunit dahil sa kaniyang determinasyon. Ipinamalas niya ang kaniyang galing at tapang upang tulungan ang nangangailangan. Sa huling episode ng palabas ay pinakita kung paano nagtagumpay si Klay sa kaniyang propesiyon. Siya naging isa ng doctor na tumutulong sa mga liblib na lugar. Naglingkod siya sa kaniyang mga kababayan na nananahan sa mga lugar na hirap ang maabot ng transportasyon at tulong. Pinapakita lamang dito ang larawan ng isang Pilipinang may pagmamahal sa bayan na gagamitin ang kaniyang karunungan sa mabuting paraan. Pinakita rin ni Klay ang kaniyang paninindigan at tapang. Malaya niyang pinamalas ang kaniyang kalayaan sa pagsasalita, pagpili at paniniwala sa tama. Ang mga episode (mula kaliwang bahagi sa itaas) ay nagpapakita kung paanong pinagtatanggol at pinaglaban ni Klay ang kaniyang ina laban sa mapanakit niyang step father.

KONGKLUSYON:

Ang palabas na Maria Clara at Ibarra ay naiuri bilang isang dramang historical dahil napatingkad ito ng ilang mga katangian. Kabilang dito ang sumusunod na katangian. Una, Ang banghay ng teleserye ay salig sa kaganapang naitala sa kasaysayan. Salig ito sa dalawang kilalang nobela ni Dr. Jose Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo na nagsasalaysay ng

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



mga kaganapan at buhay ng mga Pilipino noong panahon ng pananakop ng mga Kastila. Pinagtibay ito sa panayam ni Howie Severen isa Head consultant at head script writer ng palabas na si Suzette Doctolero kung saan sinabi na ni Suzette na ito ay isang culture flashback na tatalakay sa kaganap o mga pangyayari sa Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Pangalawa, taglay ng Maria Clara at Ibarra ang mga katangian ng isang dramang historical tulad ng Historical Accuracy, Characteriation, Tagpuan at Kostyum, Banghay ng Istorya, Mensahe at Tema, Pagganap, Diyologo at skrip, Sinematograpiya, Konseptong Kultural at Sosyal, Critical Recepcion at Legasiya. Ang mga pangunahing puwersang kultural na itinanghal ng palabas na Maria Clara at Ibarra ay ang sumusunod— puwersang pang-ekonomiko, puwersang political, puwersang panlipunan, puwersang historikal, puwersang sikolohikal, puwersang estetika, puwersang etikal, at panrelihiyon. Sa pagsusuri ng MCAI gamit ang pagbasang paloob ni Louie Jan Sanchez, nabatid na ang dramang historikal ay tumalakay sa kalagayan ng Pilipinas noong panahon ng Kastilang mananakop at panahon ng kasalukuyan kung saan ang bawat tauhan ay may simbolismo na nagpapakita ng kalagayan ng bansa hanggang sa kasalukuyang panahon. Natuklasan din na ang karakter ni Klay (Barbie) ay simbolismo ng modernong babaeng Pilipina.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



SANGGUNIAN:

Adams, B., (2018). First Conviction of Officers in Philippines 'Drug War'. Human Rights Watch. Retrieved from <https://www.hrw.org/news/2018/11/29/first-conviction-officers-philippines-drug-war>

Alvarado, A., Franco, L., Mayo, R., Nibley, S., (2010). *Sa Mata ng Isang Bata: Isang Eksploratoryong Pag-aaral ng Epekto ng Teleseryeng May Pa sa mga Piling* Bukas Bata, from <https://ejournals.ph/article.php?id=2206>

Antipolo, J.J. (2021) "Balancing School and Work Amidst of Pandemic; Working Students Time Management" (Doctoral dissertation). Retrieved from UIJRT. (2582-6832)

Apsay, L., Cunanan, M.J., Porras, C., Rillo, J.D., & Salinas, C.C (2019). *The Life and Works of Rizal*. Lorimar Publishing. (p.22-29)

Atienza et. al. (2008). *Jose Rizal: Ang Bagong Bayani*. Mutya Publishing House.

Aranda, R. R. (2014, March 6). *Ang Pamilya sa Loob ng mga Teleserye sa Telebisyon*. <https://www.dlsu.edu.ph/wp-content/uploads/2018/09/WCF-002.pdf>

Bacani, R., Cristobal, A. A., Dayrit, J., Meneje, E., & Quiambao, C. (2014). *Pagsusuri sa Panood ng Teleserye; Bilang Isang Makrong Kasanayan sa Pagkatuto*. Academia.edu - Share Research. https://www.academia.edu/27237213/KABANATA_I_ANG_SULIRANIN_AT_SANDIGAN_NITO

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Bellis, M. (2019, May 15). ThoughtCo. Retrieved from
<https://www.thoughtco.com/filipino-doctor-fe-del-mundo-1991718>

Capuno, M., Langoy, J., Sagarino, E., Tagaytay, F. (2016) *Understanding the Psyche of Modern Filipina as Depicted in "The Legal Wife"* from
<https://ejournals.ph/article.php?id=13350>

Casanova, Arthur et.al. (2005) *Panitikang Filipino*. Manila: Rex Book Store.
(p.iii)

Catipay, T. (2018). Antolohiya ng mga Sugbu-anun'g Kwentong Bayan: Pagbabalik-tanaw sa buhay at kulturang Cebuano, <http://www.apjmr.com/wp-content/uploads/2018/11/APJMR-2019-7.1.02.pdf>

Cornick, N. (2011a). Does accuracy matter in historical fiction? Message posted to www.nicolacornick.co.uk

Cruz, J.P. (2024, February). 38 Years after EDSA People Power Revolt: Marcos Political Dynasty is well-entrenched. Rappler Philippines. Retrieved from <https://www.rappler.com/newsbreak/in-depth/marcos-political-dynasty-2024/>

Cruzat, S., Encarnation, R.J.B., Infante, A.M & Caiga, B.T. (2020). Evolution of Philippine TV Series: Basis for Production Enhancement. *Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences*. Volume 7. (No. 2) 1-16
<http://apjeas.apjmr.com/wp-content/uploads/2020/05/APJEAS-2020.7.2.06.pdf>

Daniel, C. A. (2013). Proverbs. Hekima Review, 49. Eagleton, Terry.(2008). *Literary Theory: An Introduction*. Minneapolis: University of Minnesota Press.

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



Edgerton, G. (2000). Television as historian: An introduction. *Film & History* (03603695), 30(1), 7-12.

Glover, D. (2013). Book Review: Culture by Terry Eagleton. *LSE Review of Books*. Yale University Press.1-3

Gray, R. (2015, January 28). Aboriginal folklore could be oldest accurate oral history in the world: Stories of ancient sea level rise have survived for 10,000 years. Daily Mail Online. Retrieved November 25, 2015, from <http://www.dailymail.co.uk/sciencetech/article-2929775/Aboriginal-folklore-oldestaccurate-oral-history-world-Stories-ancient-sea-level-rise-survived-10-000-years.html>

Godinez, B. (2022). "Noli yarn?" How GMA-7's hit teleserye Maria Clara at Ibarra came about. *PEP Local news* <https://www.pep.ph/news/local/170101/maria-clara-at-ibarra-a755-20221224lfrm3>

Hase, J.D. (2012). A Study of Socio-Cultural Perspective in Drama. *Ijfans International Journal Of Food And Nutritional Sciences*. Volume 10. (1197-1210)

Jia, L. (2021). Religions in the Philippines: History, Culture and Faith. *International Journal of Research and Publication and Reviews*. Volume 2. (338-344)

Llemit, K.A. (2023). PhilStarGlobal: 'Maria Clara at Ibarra' Costumes: Inspiration, costs revealed. <https://www.philstar.com/lifestyle/arts-and-culture/2023/02/20/2245689/maria-clara-ibarra-costumes-inspiration-costs-revealed>

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Mabalhin, J. (2020). Pagpapakahulugan sa nobelang Noli Me Tangere: Isang hulwarang gabay sa pagtuturo. *International Journal of Research Studies in Education*(9)(3), 19-27,
https://www.academia.edu/80222767/Pagpapakahulugan_sa_nobelang_Noli_Me_Tangere_Isang_hulwarang_gabay_sa_pagtuturo

Mandapat, J. (2019) *PANANALIKSIK: PAGGAMIT NG EPIKONG PILIPINO NA SUMASALAMIN SA MGA TELESERYE*, from
<https://environmenttechnology.science.blog/2019/05/13/pananaliksik-paggamit-ng-epikong-pilipino-na-sumasalamain-sa-mga-teleserye-unang-kabanata/>

Mangahas, F.B.(2010). Philippine History. C&E Publishing, Inc.

Mateo, J. (2024, February). Philippines ranks 115th in Corruption Index. The Philippine Star. Retrieved from
<https://www.philstar.com/headlines/2024/02/02/2330352/philippines-ranks-115th-corruption-index>

Melencio, Gloria E., "Kalakalang agrikultural ng Pilipinas sa panahon ng kolonisasyon : pagbubukas, pagsasara at pagtatangkang pag-ahon" (2019). Journal Article. 3952.
<https://www.ukdr.uplb.edu.ph/journal-articles/3952>

Meimeic, O. (2017). Ideas, Ideology and Interest On: Terry Eagleton's Approach to Culture. Middle East Topics and Arguments. 30-37
<https://archiv.ub.unimarburg.de/ep/0003/article/download/6332/6334/13252>

Ngan, N. (2017). *Folklore and Fantasy Short Stories in Medieval Literature of Vietnam: Otherworld Journeys*,
<https://ejournals.ph/article.php?id=11513>

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas,
Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza



Perez, L., Tabong, Y., Velasquez, N. (2016) *IMPLUWENSYA NG*

PANONOOD MGA TELESERYE SA MGA INDIBIDWAL

Quiambao (2017). Folklore [Karunungan-bayan]. Retrieved from <http://www.slideshare.net/html>

Ramos, C. (2019). Cementerios: Isang Pag-Aaral sa mga Suliranin, Metodolohiya at Adhikain sa Pagsusulat ng Kasaysayang Sementeryo sa Panahon ng mga Espanyol sa Pilipinas. *TALA: An Online Journal of History*, 2(1). Retrieved from <https://www.talakasaysayan.org/index.php/talakasaysayan/article/view/24>

Risatti, Howard.(2007). *A Theory of Craft: Function and Aesthetic Expression*. Chapel Hill: University of North Carolina Press.

Robé, Chris (2009). "Taking Hollywood Back: The Historical Costume Drama, the Biopic, and Popular Front U.S. Film Criticism". *Cinema Journal*. **48** (2): 70–87. doi:10.1353/cj.0.0082. JSTOR 20484449

Romero, R. B. (2019). *Unoni*: A textual analysis of Ybanag proverbs. *The Asian ESP*, 15, 344-362.

Rubin, L. T., et al. (2006). *Literature in the Philippines* [Panitikan sa Pilipinas]. Rex Bookstore.

Ruiz, M.,(2022) *Ilang Eksena sa Maria Clara at Ibarra Nire-create ng Isang Tiktok*. GMA Entertainment.

https://www.gmanetwork.com/entertainment/tv/maria_clara_at_ibarra/93444/ilang-eksena-mula-sa-maria-clara-at-ibarra-ni-recreate-ng-isang-tiktok/story

Sanchez, L., (2015) *SI JUDY ANN SANTOS AT ANG WIKA NG TELESERYE*, Ateneo de Manila University

Sanchez, L., (2022) *The Teleserye: Three Periods of Evolution of the Filipino Soap Opera*, Ateneo de Manila University

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza

INSTABRIGHT e-GAZETTE

ISSN: 2704-3010

Volume VII, Issue I

August 2025

Available online at <https://www.instabrightgazette.com>



San Juan, Gloria P., San Juan, Corazon P., Mag-atas, Rosario U., Carpio, Perla DS., and Cabaysa, William G. (2005) *Panunuring Pampanitikan*. Manila: Booklore Publishing Corp.

Saul, A. (2017). Tatlong Mukha ng Eat Bulaga bilang Variety-Game Show: Laro-Ritwal, Sugala, at Teleserye/The Three Faces of Eat Bulaga as a Variety-Game Show: Game-Ritual, Gamble, and Teleserye

Tod, M.K. (2015). 7 Elements of Historical Fiction Drama: <https://awriterofhistory.com/2015/03/24/7-elements-of-historical-fiction>

Victoria, V. (2017). Ang Epikseryeng Filipino: Diskurso sa Amaya *SCENTIA*. VI. (No.1). 1-29
<http://scientia-sanbada.org/wp-content/uploads/2017/07/Vol-5.1-V-A-Victoria.pdf?fbclid=IwAR0vTNhIqExH-N->

Yuching, M.G. (2022, December). Who is Joma Sison, the Exile Leader of the CPP? Rappler Philippines. Retrieved from <https://www.rappler.com/philippines/who-is-joma-sison-communist-party-philippines/>

Editorial Team

Editor-in-Chief: Alvin B. Punongbayan

Associate Editor: Andro M. Bautista

Managing Editor: Raymart O. Basco

Web Editor: Nikko C. Panotes

Manuscript Editors / Reviewers:

Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez, Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Ma. Rhoda E. Panganiban, Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto, Jerico N. Mendoza
